

**BAGONG  
BUHAY  
KAY CRISTO**



**Volume 1**

---

**Mga Pangunahing Hakbang  
sa Pamumuhay Cristiano**

Ito ang edisyon sa Tagalog ng NEW LIFE IN CHRIST, Vol. 1 (Bagong Buhay kay Cristo, Vol. 1). Ito ay orihinal na nalathala sa Espanyol bilang NUEVA VIDA EN CRISTO. Layunin nitong mabigyan ka ng matibay na pundasyon sa iyong Cristianong pamumuhay, Kapag natapos mo na ang Volume 1, magpatuloy ka pa sa iba pang mga aralin.

**Para sa karagdagang impormasyon,** mag email sa [info@nuevavdaencristo.org](mailto:info@nuevavdaencristo.org)

**Maaari kang mag download ng libreng kopya ng araling ito sa mga sumusunod na website:** [www.NewLifeDiscipleship.com](http://www.NewLifeDiscipleship.com) o [www.nuevavidaencristo.org](http://www.nuevavidaencristo.org)

Pinahihintulutan ang sinuman na gumawa ng kopya ng materyal na ito, na may kondisyon na banggitin ang orihinal na pinanggalingan nito at huwag gumawa ng anumang pagbabago sa nilalaman at pagkagawa nito.

Ang Bagong Buhay kay Cristo ay magagamit sa English, Spanish, French, Portuguese, at iba pang mga wika. para sa libreng aralin sa Espanyol bumisita sa [www.obrerofiel.com](http://www.obrerofiel.com)

*Karapatang-sipi 1993 © Mark Robinson*  
Unang edisyon sa Tagalog karapatang-sipi 2018  
Isinalin ni Ephraline M. Sanoy

Ginawa ni Mark Robinson:  
Avant Ministries-Camino Global  
10000 N Oak Trafficway, Kansas City, MO 64155 USA

# Nilalaman

Gabay Sa Guro .....	4
Welcome sa Pamilya ng Dios! .....	5
Step 1      Ako’y Ligtas Na! .....	6
Step 2      Ako ay may Kasiguruhan! .....	8
Step 3      Ako ay Matagumpay! .....	10
Step 4      Ang Panginoon ng Lahat sa Akin .....	12
Step 5      Pamumuhay sa Espirito .....	14
Step 6      Nakikipag-usap ang Diyos sa Akin .....	16
Step 7      Pakikipag-usap sa Diyos .....	18
Step 8      Pakikipagtagpo sa Diyos Araw-araw .....	20
Step 9      Ang Iglesia .....	23
Step 10     Pagpapatotoo .....	25
Step 11     Bautismo at Komunyon .....	27
Step 12     Ang Pamilya .....	29
Step 13     Ang Pagsunod kay Jesus .....	31
Appendices .....	33

# GABAY SA GURO



1. Binabati ka namin sa pagtanggap sa hamon na gawing alagad ang mga bagong mananampalataya gamit ang Bagong Buhay kay Cristo bilang iyong gabay, Ang resulta ng pag-aaral na ito ay magdudulot ng walang-hanggang bunga.
2. Hayaang ang Biblia ang mamahalang sumagot sa mga katanungan. Ang mga mag-aaral mismo ay kailangang tumingin sa mga talata sa Biblia at sagutin ang mga tanong ayon sa sinasabi ng Biblia lamang.  
  
Maaring ang iba na hindi pa nakabasa ng Biblia ay mangailangan ng gabay kung paano makita ang mga aklat sa kanilang mga Biblia.
3. Kadalasan, ito ay pinag-aaralan minsan sa isang linggo, hinihimok ang mga alagad na gawin lahat ang mga takdang-aralin sa bawat pag-aaral.
4. Iwasang humaba ang oras ng inyong pag-aaral.
5. Himukin ang mga mag-aaral na sagutan ang mga tanong sa sarili nilang mga salita imbis na kopyahin lang ang bawat salita sa Biblia. Sa pagsagot nila sa sariling salita ay makakatulong sa kanilang pagka-unawa sa kahulugan ng mga talatang kanilang pinag-aaralan.
6. Iwasan ang mangaral. Gumamit ng mga tanong upang makita kung nauunawaan ng mga mag-aaral ang kanilang aralin at upang magkaroon sila ng aktibong bahagi sa pag-aaral.
7. Maghanda ng maigi sa bawat pag-aaral. Bilang guro, maging pamilyar ka sa nilalaman at sa mga susing konsepto ng bawat aralin.

Sa iyong paghahanda, laging isama ang pananalangin para sa iyong mga mag-aaral at para sa iyong puso

8. Subuking ipaisip sa mga mag-aaral ang mga implikasyon sa kanilang buhay ng mga aralin. Tulungan silang maunawaan ang tiyak at praktikal na pagsasabuhay ng bawat natutunan sa aralin.

Ipagawa sa mga mag-aaral ang mga takdang aralin na nakalagay sa gilid ng bawat aralin

9. Tulungan ang mga mag-aaral na linangin ang ugali ng pananalangin. Turuan sila sa pamamagitan ng pananalangin kasama sila.
10. Napakahalagang maunawaan na ang paggawa ng alagad (Discipleship) ay higit pa sa pag-aaral ng mga araling ito, Ang paggawa ng alagad ay nagpapakita ng pagbabago sa buhay ng mga alagad.

Ang manwal na ito ay unang hakbang lamang. Ang mag-aaral ay nangangailangan ng nagpapatuloy na gabay sa pagnanais nilang magkaroon ng pagbabago sa kanilang pagkatao, paraan ng pag-iisip, mga gawi at iba pa.

11. Napakahalaga na matutunan ng mga alagad/mag-aaral ang kahalagahan ng araw-araw na pagbabasa ng Biblia, panalangin at ang pagkakabisa ng mga talata sa Biblia. Himukin silang gawin itong ugali nila.

Huwag pagalitan ang mga mag-aaral kung hindi nila na kumpleto ang mga takdang-aralin, pero siguraduhing mahimok silang tapusin ang mga ito.


12. Maging sensitibo sa ginagawa ng Dios sa buhay ng iyong mga tinuturuan. Magkaroon ng panahong sagutin ang mga katanungan nila o tulungan sila sa mga hinaharap nilang mga pagsubok o problema sa kanilang mga personal na buhay.
13. May mga pagkakataong kukulangin ka sa oras para sagutin ang bawat mga tanong kaya pumili ka ng mga piankamahahalagang tanong na dapat pag-usapan.
14. Kapag natapos mo na ang manwal na ito, himukin ang iyong mga tinuturuan na magpatuloy sa pag-aaral ng serye ng BAGONG BUHAY KAY CRISTO na pwedeng ma download sa [www.NewLifeDiscipleship.com](http://www.NewLifeDiscipleship.com)

## Welcome sa Pamilya ng Dios!

Congratulations! Kung tinanggap mo si Cristo bilang personal mong Tagapagligtas, ikaw ay ipinanganak muli sa pamilya ng Dios. Ang mga kasalanan mo ay pinatawad na at ikaw ay isang bagong nilalang na mayroong buhay na walang hanggan



***Kaya nga, kung ang sinuman ay na kay Cristo, siya ay bago nang nilalang. Ang mga dating bagay ay lumipas na, narito, ang lahat ng bagay ay naging bago." 2 Corinthians 5:17***



Ang Dios ay nagpapasimulang gumawa ng pagbabago sa iyong buhay. Mamuhay ka bawat araw sa pananampalataya, ipinagkakatiwala ang sarili sa Dios na makakagawa ng pagbabago sa iyong buhay. Magkaroon ka ng katyagaan at maghintay ng ma pananabik na pag-asa. Ang isang dakilang paglalakbay sa bagong buhay ay nakaabang para sa iyo!

Una sa lahat, alalahanin mong ikaw ay naligtas dahil lamang sa kagandahang-loob ng Dios at hindi sa sarili mong gawa. Bilang mananampalataya, magpatuloy kang nabubuhay sa Kanyang biyaya. Ang iyong posisyon sa Dios ay laging nakabase sa ginawa ni Cristo sa iyo doon sa krus, hindi sa kung ano ang magagawa mo para sa Dios. Ang buhay Cristiano ay buhay ng pagdepende kay Cristo. Magtiwala sa Kanyang pagliligtas, at sa kapangyarihang maipamuhay ang buhay na Kanyang ibinigay sa iyo sa bawat araw.

Maaring ikaw ay madismaya kapag ikaw ay mabuwal at magkasala, subalit imbis na lumingon ka sa nakaraan, lagi mo lang tingnan si Hesus doon sa krus. Ang Kanyang ginawa ang tanging pag-asa natin para sa pagbangon at tagumpay. Kaya laging umasa at dumepende sa Kanya na Siya ay laging mapapatawad ang ating mga pagkakamali at kapalpakan. Kung kikilalanin mo lang ang iyong kasalanan at magsisisi, Siya ay tapat upang ikaw ay patawarin at linisin sa gayon ay maibalik ang iyong ugnayan sa Kanya.


## Mga kailangan mong gawin upang makatulong sa iyong

Bilang isang bagong mananampalataya, ikaw ay nagpapasimula ng relasyon kay Cristo na lalago sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanya. Ang matutong sumunod sa kanya ay tinatawag na "pagiging-alagad" o "discipleship".

May mga kailangan kang gawin upang makatulong sa pagpapalakas mo bilang isang bagong Cristiano. Sa tuwing ikaw ay magsasanay, mas lalo kang lalakas.

- ✓ Nais ni Cristo na maging sentro ng buhay mo. Magpasakop ka sa Kanya tuwina, hayaan mo Siyang mag control ng lahat ng bahagi sa buhay mo.
- ✓ Manalangin sa bawat araw sapagkat ito ay pakikipag-usap sa Dios.
- ✓ Basahin ang Biblia, ang Salita ng Dios. Simulang sabihin sa Dios "narito ako Panginoon, handang makinig sa iyong tinig sa pamamagitan ng iyong kasulatan".
- ✓ Humanap ng Lokal na Iglesia na nangangaral ng Biblia. Ang ibang mga mananampalataya ay iyong mga kapamilya.
- ✓ Talikuran ang kamunduhan at ang mundo ng kasalanan na dati mong kinabibilangan. Humingi ng tulong sa Dios na mapatagumpayan mong tanggihan ang mga tukso at mga bagong pamamaraan ng pakikipag-agkaibigan sa mundo.
- ✓ Kung ikaw ay magkasala, ipahayag ito sa Dios nang may pagsisisi at tanggapin ang kapatawarang Kanyang ibinigay. Hindi mo kailangang patuloy na maramdamang ikaw ay hindi katanggap-tanggap o kahiya-hiya ka sapagkat ang Dios ay nagpapatawad at muling ibabalik sa iyo ang buong pakikipag-ugnayan Niya sa iyo kahit na pakiramdam mo ay hindi ka karapat-dapat.
- ✓ Ipagsabi mo sa iba ang patungkol kay Cristo kung paano mo naranasan ang kahabagan ng Dios at ang bagong buhay na ibinigay Niya sa iyo sapagkat sila ay parang mga tupa na walang pastol.
- ✓ Kapag natapos mo na ang araling ito, magpatuloy ka pa sa mga ibang aralin patungkol sa iyong bagong buhay kay Cristo.





# Step 1

## Ako'y ligtas na

TAMA (T) o MALI (M)

- \_\_\_\_\_ Ako ay may bagong buhay kay Cristo  
 \_\_\_\_\_ Naligtas ako dahil sa aking mabuting gawa at pana alig kay Cristo  
 \_\_\_\_\_ Kung ako ay magkasala muli nasayang lang ang bago kong buhay.

1. Ayon sa Efeso 2:1, ano ang kalagayan natin bago tayo binigyan ni Hesus ng buhay na walang hanggan \_\_\_\_\_
2. Sabi sa Efeso 2:2-3 hindi lang tayo mga patay, kundi tayo ay nabihag at sumusunod sa mga pamamaraan ng \_\_\_\_\_ ito (v.2). Nabuhay tayo sa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas na tinatawag na naghahari sa sanlibutan at pinuno ng hangin. Imbis na sumusunod sa Dios, sinusunod natin ang pita o kagutuman ng ating \_\_\_\_\_ (v.3). Tayo ay karapat-dapat sa \_\_\_\_\_ ng Dios (v.3)..
3. Ang Biblia ay nagsabing "Ang lahat ay nagkasala at hindi nakaabot sa kalwalhatian ng Dios". (Roma 3:23) Mayroon bang pwedeng magsabi na hindi sila makasalanan? Meron  Wala   
 Lahat tayo ay bagsak. Walang sinuman ang may kabutihan upang makatagpo ng gantimpala ng Langit.

### ANG GAWA NG DIOS

4. Sa Efeso 2:4, paano ipinakilala ang Dios? \_\_\_\_\_  
*MAAWAIN: Ang kahabagan ng Dios ang pumipigil sa parusa Niya na karapat-dapat para sa atin.*
5. Ayon sa mga talatang ito, Ano ang ginawa sa atin ng Dios? v.5 \_\_\_\_\_  
 \_\_\_\_\_  
 Ginawa Niya itong lahat kahit na tayo ay mga \_\_\_\_\_ sa ating mga kasalanan  
 Ipinakita ng Dios ang Kanyang pag-ibig sa atin nang si Cristo ay namatay para sa atin (Roma 5:8). Kinuha Niya ang lugar sa krus na dapat ay sa atin, at doon nabubo ang Kanyang dugo upang tubusin tayo sa ating mga pagkakasala.
6. Basahin ang Efeso 2:8-9. Sinabi ng Dios na hindi tayo naligtas sa pamamagitan ng ating mga gawa (v.9). Magbigay ng mga halimbawa ng mga mabubuting ginagawa ng mga tao para maligtas. \_\_\_\_\_  
 \_\_\_\_\_  
 Marami ang naniniwala na kung pinagbutihan pa nila ay matatanggap na sila ng Dios. Sinubukan nila ang iba't ibang relihiyon at mabubuting gawa, subalit kahit ano ang gawin natin hindi pa din ito papasa sa pamantayan ng Dios.
7. Sa magkagayon, tayo ay naligtas dahi sa \_\_\_\_\_ sa pamamagitan ng \_\_\_\_\_ (v.8).  
 Ang kagandahang-loob ay "undeserved gift" ibig sabihin, ang kaligtasan ay libreng regalo, kahit na hindi tayo karapat-dapat na bigyan nito.

### PAGPAPASYA

Tinanggap mo na ba si Cristo?

Oo  Hindi

Kung oo, kelan?

Kung hindi pa, nais mo ba?

Oo  Hindi

### PAGTANGGAP KAY CRISTO

1. Aminin na ikaw ay makasalanan. Huwag mo na itong itago o pagtakpan.
2. Magpasyang ilayo ang iyong sarili sa kasalanan. Magsisi.
3. Paniwalaang si Cristo ay nagmula sa Langit, namatay para sa iyong kasalanan, at nabuhay na mag-uli sa mga patay.
4. Hilinging pumasok si Cristo sa iyong puso upang mapatawad ang iyong mga kasalanan, at Siya na ang mag kontrol ng iyong buhay.

Ang panalanging ito ay maging gabay mo sa pagtanggap kay Cristo:


Panginoong Hesus

*Alam ko na ako ay isang makasalanan at kailangan ko po ng Iyong pagpapatawad. Naniwala ako na Ikaw ay Dios at namatay Ka para sa aking mga kasalanan ngunit muli Kang nabuhay mula sa mga patay. Nais kong iwan na ang makasalananang pamuhay at magsimulang mamuhay ng may kalinisan.*

*Pumasok Ka po sa aking puso at maging aking Tagapagligtas. Nais kong sumunod sa Iyo bilang aking Panginoon. Salamat sa pagliligtas mo. Amen.*

## PAGLAGONG MAGKAKASAMA

Mahalaga ngayon na ikaw ay magkaroon ng mga bagong gi-nagawa upang matulungan kang lumago sa iyong bagong buhay.



Katulad ng pag eehersisyo, ito ay nagpapalakas ng katawan, may mga espirtual na disiplinang kailangan tayong gawin para tayo ay lumago kay Cristo.

Ito ay ang mga:

- Bible study
- Pananalangin
- Pagkakabisa ng mga talata
- Araw-araw na paghingi ng tawad sa Dios.
- Pananampalataya

Karagdagan sa araling ito ay ang basahin ang bahagi ng Biblia at manalangin araw- araw.

Sa Linggong ito basahin ang Juan kabanata 1-7. 1 Kabanata sa bawat araw.

Manalangin muna sa Dios bago magbasa upang maging handa ang puso sa mga tatanggapin mo mula sa Kanyang mga salita. Pagkatapos mabasa ang isang kabanata, kausapin ang Dios patungkol sa iyong mga nabasa.

### Talatang Kakabisaduhin Efeso 2:8-9

*Ito ay sapagkat sa biyaya kayo naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, at ito ay hindi sa inyong sarili, ito ay kaloob ng Diyos. Ito ay hindi dahil sa gawa upang hindi magmalaki ang sinuman."*

8. Kanino tayo dapat manampalataya upang tayo ay maging mga anak ng Dios?  
Galacia 3:26 \_\_\_\_\_
9. Sabihin sa iyong sariling mga salita ano ang ibig sabihin ng manampalataya kay Cristo. \_\_\_\_\_

## ANG BAGONG BUHAY

10. Bakit naparito si Hesus? Juan 10:10 \_\_\_\_\_
11. Ano ang inaalok ng Dios sa sinumang tumanggap kay Cristo? Juan 1:12 \_\_\_\_\_
12. Ayon sa Juan 5:24, Ano ang mangyayari sa taong tumanggap kay Cristo Hesus? \_\_\_\_\_
13. Ano ang layunin ng pagkalikha sa atin ng Dios? Efeso 2:10 \_\_\_\_\_

*Note: Tayo ay hindi naligtas sa pamamagitan ng ating mga mabubuting gawa, subalit naligtas tayo para gumawa ng mabuti. Ang mabubuting gawa ay hindi tayo maililigtas subalit ito ay ang bunga ng ating kaligtasan*

14. Basahin ang 2 Corinto 5:17. Ang "na kay Cristo" ay nangangahulugang tinanggap mo na Siya bilang Tagapagligtas. Kaya, ano ang nangyayari sa sinumang "na kay Cristo" na? \_\_\_\_\_
15. Ang talata 17 ay nagsasabi ng mga pagbabago sa buhay natin. Magbigay ng mga halimbawa ng:  
Mga lumang bagay na wala na: \_\_\_\_\_  
Mga bagay na bago: \_\_\_\_\_  
Ang talata 18 ay nagsasabi na ang lahat ng mga bagong bagay na ito ay nagmula mismo sa ating Dios.

## PAGBUOD

- **Ikaw ay naligtas dahil sa biyaya ng Dios sa pamamagitan ng pananampalataya.** Si Cristo ay namatay upang magkaroon tayo ng buhay na walang hanggan bilang kaloob na walang bayad kahit na tayo ay hindi karapat-dapat tumanggap nito. At ito ay hindi mabibili saan man.
- **Namumuhay ka na bilang isang Cristiano sa biyaya ng Dios sa pamamagitan ng pananampalataya.** Ang iyong katayuan sa harapan ng Dios ay hindi nakadepende sa iyong abilidad o mabubuting gawa upang malugod Siya. Kundi ito ay dahil sa naniwala ka na ang Dios ay tinitingnan kang matuwid ngayon sa pamamagitan ng dugo ni Cristo, kaya sa mga katotohanang ito tayo nabubuhay.
- **Pag-isipan ang mga sumusunod na katanungan sa pag rereview ng araling ito:**
  - Ano ang buhay mo noon nang wala pa si Cristo?
  - Ano ang ginawa sa iyo ni Cristo kahit na ikaw ay makasalanan?
  - Paano mo maipapakita sa bawat araw ang bagong buhay na ibinigay sa iyo ng Dios?



## Step 2

# Ako ay may kasiguruhan

TAMA (T) o MALI (M)

- \_\_\_\_\_ Sa ngayon, ako ay siguradong ligtas na.
- \_\_\_\_\_ Nais ng Dios na ako ay magkasala upang maipakita pa Niya lalo ang Kanyang pag-ibig sa akin.
- \_\_\_\_\_ Kung ako ay nagkasala at namatay nang hindi nagsisi, ako ay ligtas pa rin

### ANG DIOS ANG NAGBIBIGAY SA AKING NG KASIGURAHAN

1. Ayon sa Roma 8:38-39, Pagkatapos natin tanggapin si Cristo, may makakapaghiwalay pa ba sa atin sa pag-ibig ng Dios? \_\_\_\_\_

Basahin ang **Juan 10: 27-29** at sagutan ang mga tanong mula sa 2 - 7

2. Ano ang ibinibigay ni Cristo? (v. 28) \_\_\_\_\_
3. Sino ang nagbibigay ng buhay na walang hanggan? (v. 28) \_\_\_\_\_
4. Mayroon bang "walang hanggan" na magwawakas? \_\_\_\_\_

Ang salitang "bigay" ay nasa pangkasalukuyan. Ito ay nagpapakita na tayo ay may buhay na walang hanggan na. Ang buhay na walang hanggan ay di magsisimula kapag ikaw ay patay na. Ito ay nagsimula na nung tanggapin natin si Hesus bilang sariling Tagapagligtas.

5. Kailan tayo mapapahamak? (v. 28) \_\_\_\_\_  
Ito ay base sa katotohanan na ang buhay na walang hanggan ay hindi nagwawakas.
6. Mayroon bang makakaagaw sa atin sa kamay ni Cristo? (v. 28) \_\_\_\_\_
7. Mayroon bang makakaagaw sa atin sa kamay ng Ama? (v. 29) \_\_\_\_\_

Basahin natin ang **Efeso 1:13-14** at tugunan natin ang mga katanungan mula sa 8 at 9.

8. Ano ang ginawa ng Dios para sa atin? (v. 13) \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
9. Kailan tayo tinatakan ng Banal na Espirito?(v. 13) \_\_\_\_\_

Binigay ng Dios ang Banal na Espirito upang magkaroon tayo ng kasiguruhan na tayo ay kabilang kay Cristo hanggang Siya ay dumating. Tayo ay tinawag ng Espirito na kabilang sa Dios magpakailanman. Ang pagkatatak sa atin ng Banal na Espirito ay isang bagay na hindi natin ginawa o hindi nakadepende sa ating mga gawa.

**Basahin ang "Sino ako kay Cristo? sa Appendix 2 na nasa dulo ng aklat na ito**

Ano ang nararamdaman mo habang binabasa mo ang mga katunayan ng mga salita? Nagbibigay ba ito sa iyo ng lakas ng loob? \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

### PAGBIBIGAY PASASALAMAT

Ayon sa Juan 10:28-29, ikaw ay nasa kamay ni Jesu-Cristo, at gayundin sa kamay ng Ama.

Isipin mo kung gaano kaligtas ang iyong buhay sa mga kamay na iyon. Kaya hindi nakakapagtaka na dalawang beses na sinabing walang sino man ang makakaagaw sa iyo mula sa mga kamay na iyon.



Ako ay ligtas sa kamay ng aking Tagapagligtas at sa kamay ng aking Ama.

### PAG-ISIPAN ITO


Ang magkasala ay gawin, sabihin, o isipin ang anumang bagay na labag sa kalooban ng Dios. Kahit mahal ako ng Dios, kinamumuhian niya ang aking kasalanan.

Pag-isipan mo at isulat sa ibaba ang dalawang dahilan bakit naniniwala ka na ang isang Cristiano ay dapat iniwasan na ang kasalanan.

1. \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_



SAAN AKO  
TUTUNGO KAPAG AKO  
AY NAMATAY NA?




### SA LINGGONG ITO

Ipanalangin ang isa sa iyong mga kapamilya na hindi pa tiantanggap si Cristo. Hilingin mo sa Dios na iligtas Siya. Isulat mo ang kanyang pangalan:

### Nalilito ka pa ba sa paghanap ng mga talata sa Biblia?

Narito ang ilang tip: Kabisaduhin ang unang 10 aklat sa Bagong Tipan:

Mateo  
Markos  
Lukas  
Juan  
Mga Gawa  
Roma  
1 Corinto  
2 Corinto  
Galacia  
Efeso



### LUMALAGONG MATATAG

#### Basahin Juan 8-14

(isang kabanata kada araw).

#### Kabisaduhin Juan 10:27-28

*"Binibigyan ko sila ng buhay na walang hanggan. Hindi sila malilipol magpakailanman. Walang sinumang makakaagaw sa kanila sa aking kamay. 29 Ibinigay sila sa akin ng aking Ama. Siya ay higit na dakila sa lahat. Walang makakaagaw sa kanila mula sa kamay ng aking Ama."*

10. Paano tayo nakakasiguro na mayroon tayo ng buhay na walang hanggan o wala? 1 Juan 5:11-12 \_\_\_\_\_  
Ikaw ba ay nakakasiguro na may buhay na walang hanggan? \_\_\_\_\_  
Bakit? \_\_\_\_\_

### BABALA

11. Ngayon na ikaw ay ligtas na, bakit hindi ka na dapat maglaro pa sa kasalanan? Romans 6:1-2 \_\_\_\_\_  
12. Bakit ako dinidisciplina ng Dios? Hebrews 12:5-10  
Verse 6 \_\_\_\_\_  
Verse 10 \_\_\_\_\_

### ANG DIOS AY NAGBIGAY NG KARAPATANG PUMILI

Nais ng Dios na tayo ay di na magkasala pa, subalit bilang tao, tayo ay tinutukso. Kaya ibig sabihin nito may pakikipagbaka pa din tayo sa kasalanan sa ating buhay.

Ano ang mangyayari kapag tayo ay nagkasala? Maaaring ikawala ito ng kagalakan ng ating kaligtasan at ang kasalanan ay nakaka apekto ng lubha sa ating pakikipag-ugnayan sa Dios na siyang pwedeng maging daan para tayo ay malayo sa Kanya at mawala sa Kanyang kalooban. Bilang mapagmahal na Ama, Siya ay nagbigay ng daan para makatakas tayo sa mga tukso at nagbigay din Siya ng paraan para tayo ay makalapit sa Kanya sa pamamagitan ng pagsisisi kung tayo ay magkasala.

Kahit na ang lahat ng Cristiano ay nagkakasala pa rin, ang pagkakaroon ng buhay na walang hanggan ay hindi lisensya para magkasala, kundi ito dapat ang nag momotivate sa atin para sumunod sa kalooban ng Dios. Kung may nagsasabing siya ay Cristiano, subalit nagpapatuloy pa rin sa pagkakasala at walang pagsisisi, kailangan niyang tanungin ang kanyang sarili kung naunawaan ba niya talaga ang mabuting balita ng kaligtasan at totoo bang tinanggap niya si Cristo.

Ang Iglesia ay may mga taong tinatawag ang kanilang sarili na "Cristiano" na wala naman sa kanila ang buhay na walang hanggan. Sapagkat hindi nila talaga naintindihan ang mensahe ng kaligtasan at ng biyaya ng Dios. Walang naligtas dahil may tinalikuran lang silang mga maling gawi at nagsimulang dumalo sa mga gawain. Sila ay ligtas at patuloy na ligtas dahil sa biyaya ng Dios LAMANG.

### ANG GANTIMPALA SA MGA MANANAMPALATAYA

14. Basahin ang 1 Corinto 3:11-15. Isang araw ang mga gawa ng mga Cristiano ay hahatulan. Kung ang kanilang ginawa ay nakakalugod sa Dios, sila ay tatanggap ng gantimpala. Kung hindi, mawawalan sila ng mga gantimpala. Ang paghahatol na ito ay para makita kung ano ang kanilang mga gantimpala, hindi para malaman kung sila ay ligtas. Sapagkat ayon sa kapitulo 15 sila ay mga ligtas na.

Ikaw ba ay tatanggap ng gantimpala sa Langit o pupunta ka lang sa Langit? \_\_\_\_\_  
Ipalawanag kung bakit? \_\_\_\_\_



# Step 3 Ako ay Matagumpay!

Sagutin kung Tama (T) o Mali (M)

- \_\_\_ Kapag tayo ay tinutukso, ito ay hindi matatakas, tayo ay siguradong magkakasala dahil tayo ay mahina.
- \_\_\_ Kapag tayo ay nagkasala at humingi na kapatawaran sa Diyos, tayo ay patatawarin Niya
- \_\_\_ Mayroon tayong espiritual na kaaway na lagi tayong tinutukso

## TAYO AY KASAMA SA PAKIKIPAGBAKA/PAKIKIPAGLABAN

1. Naranasan mo na bang makipaglaban at hindi mo ito kinaya? Kung hindi ang Diyos ang sumusubok/tumutukso sa atin, (Santiago 1:13), Sino kaya ang espiritual na kaaway natin?

Santiago 4:4 \_\_\_\_\_

Galacia 5:17 \_\_\_\_\_

1 Pedro 5:8 \_\_\_\_\_

2. Paano tayo sasagot sa ating mga kaaway?

Sa mundo (Roma 12:2) \_\_\_\_\_

Sa laman (Galacia 5:16) \_\_\_\_\_

(Sa Lesson 5 malalaman natin kung paano mapuspos sa Espirito Santo.)

Ang kaaway/demonyo (Santiago 4:7) \_\_\_\_\_

Pansinin ang dalawang hakbang. Ang pagtangi sa kasalanan ay di magiging matagumpay hanggat di tayo nagpapasakop sa kalooban ng Dios.

## TAYO AY MAAARING MAGTAGUMPAY

3. Sino ang mas dakila kaysa kay Satanas? 1 Juan 4:4 \_\_\_\_\_

4. Sino ang nananahan sa mga mananampalataya? 1 Corinto 6:19 \_\_\_\_\_

5. Sino ang nagbibigay tagumpay sa atin? 1 Corinto 15:57 \_\_\_\_\_

## BINIBIGYAN TAYO NG DIYOS NG MGA BAGAY NA PANLABAN PARA TAYO AY MAGING MATAGUMPAY

6. Ano ang sinasabi ng salita ng Dios para di tayo magkasala?

Awit 119:11 \_\_\_\_\_

Mag isip ng mga bagay na maaari nating gawin para maingatan ang salita ng Dios sa ating mga puso

Mateo 26:41 \_\_\_\_\_

Kawikaan 4:14-15 \_\_\_\_\_

Anu ang kaugnayan nito sa iyong mga kaibigan at sa mga lugar na pinipili nating pun-tahan?

2 Timoteo 2:22 \_\_\_\_\_

Alalahanin at pagbulay bulayan ang mga kasalanan na paulit ulit na nagagawa. May mga bagay ba na ginagawa tayo para di tayo mahulog ng paulit ulit sa kasalanan o sa tukso na ito? Hindi lang dapat tayo lumayo sa masama, bagkus naisin natin na gawin ang tama sa paningin ng Diyos. Atin ding pakatandaan na nararapat na naisin natin na gawin ang tama sa paningin ng Diyos na kasama ang suporta ng ating mga kapatid sa pananampalataya



## BUONG LINGGO

Sa buong Linggong ito, manalangin para sa iyong mga kaibigan, ka-trabaho, kaklase o kapitbahay na kailangan makilala si Jesu-Cristo.

Sa buong Linggong ito manalangin ako para kay:

\_\_\_\_\_

## PAGTITIBAY SA KATOTO-HANAN

Ang Cristiano ay mapag-tatagumpayan ang mga tukso. Pwede mo bang alalahanin ang pagkakataong kaylan lang nangyari na ikaw ay tinukso/sinubukan at ito ay napagtagumpayan mo sa tulong ng Dios? \_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

## GAWIN ANG TAMA

Sa Diyos ko dapat sabihin o ipahayag ang aking mga pagkakasala (Awit 32:5); pero may mga pagkakataon na hindi ito sapat. Nararapat na gumawa pa ako ng isa pang hakbang.

Kapag ang ating pagkakasala ay nakaapekto o nadamay ang ibang tao nararapat na tayo ay humingi din ng kapatawaran sa kanila (Santiago 5:16; Mateo 5:23-24).

Bulay bulayin ang aral mula kay Apostol Juan:  
Papaano ako magiging tama sa paningin ng Dios na hindi ko nakikita? Kung gumagawa ako ng mali sa aking kapwa, na nakikita ko? (1 Juan 4:20)

Kabisaduhin ang sumunod na sampung libro sa Bagong Tipan at alalahanin ang sampung nauna pa mula sa huling pag aaral.

Filipos  
Colosas  
1 Tesalonica  
2 Tesalonica  
1 Timoteo at 2 Timoteo  
Tito; Filemon; Hebreo  
Santiago

## LUMALAGONG MATATAG

**Basahin:**  
**Juan 15-21**  
(isang kabanata kada araw).



### Kabisaduhin 1 Juan 1:9

*“Subalit kung ipinapahayag natin sa Diyos ang ating mga kasalanan, maaasahan nating patatawarin tayo ng Diyos sa mga ito, at lilinisin tayo sa lahat ng ating kasalanan, sapagkat siya’y tapat at matuwid.”*

- Lagi tayong matutukso, pero hindi ibig sabihin nito na tayo ay laging magkakasala. Basahin ang 1 Corinto 10:13. Pagbulay-bulayan ang mga sumusunod na katotohanan at paniwalaan ito.
  - Ang tukso ay bahagi ng pagiging tao. Posible itong mapagtagumpayan.
  - Ang Dios ay naglalagay ng hangganan sa tukso; pwede nating tanggihan ang mga tukso.
  - Sa bawat tukso, Ang Dios ay nagbibigay ng paraan para matakasan natin ito.

## MAPAPATAWAD TAYO NG DIYOS

- Masasabi ba ng lahat o kahit na sinong Kristiyano na siya ay walang kasalanan? 1 Juan 1:8 \_\_\_\_\_  
Dahil sa ating pagkakasala, ang pakikipag isa natin sa Diyos ay nawawala. Kahit tayo ay minamahal ng Diyos pero patuloy tayong nagkakasala, hindi niya pakikanggan at sasagutin ang ating mga panalangin at hiling dahil di tayo humingi ng kapatawaran na taos sa ating mga puso. (Awit 66:18).
- Paano tayo mapapatawad sa ating mga kasalanan? 1 Juan 1:9 \_\_\_\_\_
- Ano ang dalawang bagay na mangyayari kapag humingi ako ng kapatawaran sa aking mga kasalanan? 1 John 1:9 \_\_\_\_\_
  - Kapag kinilala ko na ako ay nagkasala at humingi ng kapatawaran sa Diyos, ako ay nakikita ng Diyos na malinis, hindi maduming makasalanan, kaaway o kaya naman ay walang pag - asa.
  - Nalalaman at nararamdaman ko na ako ay di karapat – dapat dahil sa aking mga kasalanan, pero ako ay pinatawad ng Diyos.
  - Ang katayuan ko sa Diyos ay di nakasalalay sa kung ano ang aking nararamdaman kundi nakasalalay ito sa ginawa ng Panginoong Hesus sa Krus ng kalbaryo. Ipinahayag ng Diyos na ako ay matuwid dahil sa ginawa ni Kristo sa Krus at hindi dahil sa aking mga ginawa/ginagawa/gagawin pa.
  - Di ko kinakailangan na manlimos ng pagtanggap ng Diyos dahil ako ay napatatwad ng Dios dahil SIYA ay mahabagin

### PAANO AKO HIHINGI NG KAPATAWARAN SA AKING MGA KASALANAN?

Ang pag amin na ako ay nagkasala ay di lang pagsasabi ng “Ako ay nagkasala.” Ang tunay na pag amin na tayo ay nagkasala ay nangangailangan ng ilang mga ba

- Maging totoo.
- Magsisi - Maging makatotohanan ang pagsisi at naisin na wag na magkasala muli o ulitin ang ganung pagkakasala.
- Maging tiyak na sabihin ang lahat ng iyong pagkakasala (sabihin sa Diyos ang totoong kasalanan/pagkakasala).
- Magmadali na alamin at baguhin ang iyong pagkakasala. Kapag nalaman ko at nakita ko na ako ay nagkasala, kinakailangan ko itong maihingi ng kapatawaran dahil kung hindi ako ay makakagawa pa ng higit pang mga kasalanan.
- Maging mapagpakumbaba. Humingi ng kapatawaran sa mga tao na naapektuhan/nadamay sa nagawang kasalanan.
- Patawarin ang sarili. Di ko na kinakailangan na pahirapan ang aking sarili dahil sa nagawa kong kasalanan lalo na kung ako ay nakahingi na ng kapatawaran sa Dios at sa tao. Kapag napatawad na ako ng Diyos nararapat na tanggapin natin ang kanyang kapatawaran, maniwala at magpasalamat sa Dios sa kanyang ginawa. Hindi na dapat tanggapin ang mga kasinungalingan na sasabihin sa atin ni Satanas na di dapat tayo patawarin.



## Step 4

# Ang Panginoon ng lahat sa akin



TAMA (T) o MALI (M)

- \_\_\_\_\_ Alam ko kung paano patakbuin ang aking sariling buhay kaya walang ibang pwedeng magsabi sa akin kung ano ang tama na dapat kong gawin.
- \_\_\_\_\_ Kung aking ibibigay ang kontrol ng buhay ko kay Cristo, aalisin Niya lahat ng ikinasisiya ko.
- \_\_\_\_\_ Kapag tinanggihan ko na kontrolin ni Cristo ang buhay ko, ako ay magiging alipin ng kasalanan.

### SINO ANG BOSS?

Ang isa sa mga pangalan na tinatawag kay Cristo ay "PANGINOON" Kahit na ang mundo ngayon ay nanlalaban sa Dios, isang araw lahat ng tuhod ay luluhod sa harapan ni Cristo at lahat ng dila ay magsasabing Siya ay Panginoon ayon sa Filipos 2:10-11.

1. Ano ang ibig sabihin ng "Si Hesus ang Panginoon sa buhay ko"? \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
2. Bakit may karapatan si Cristong pangunahan ang buhay ko?  
Colosas 1:16 \_\_\_\_\_  
2 Corintos 5:15 \_\_\_\_\_  
Kanino ba nabibilang ang buhay ko ngayon? \_\_\_\_\_

### ANG AKING TUGON

3. Kung ang nagmamay-ari sa akin ay si Cristo, paano ako dapat tumugon sa Kanya?  
2 Corinto 5:15 \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
4. Basahin ang Galacia 2:20. Ang talatang ito ay nagbubuod ng isa sa pinakamahalaga sa buhay Cristiano. Ipalawanag ang mga katagang ito: "Hindi na ako ang nabubuhay, si Cristo na ang nabubuhay sa akin." \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

Ang "mapako kasama ni Cristo" ay nangangahulugang ang aking dating buhay ay namatay na o ito ay nasa likuran ko na. Ngayon ako ay may "bagong buhay kay Cristo", na may kapangyarihang mapagtagumpayan ang kasalanan.

5. Paano ko dapat ipamuhay ang bagong buhay na tinanggap ko kay Cristo? Ayon sa ikalawang bahagi ng Galacia 2:20.  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

### SURIIN

Maraming mga bagay na hindi naman masama pero maaaring agawin ang pwesto ni Cristo sa ating buhay.

Lagyan ng marka ang mga bagay na maaaring humadlang sa nais gawin ni Cristo sa buhay natin:

- Mga pag-aari  Mga kaibigan
- Ambisyon  Trabaho
- Libangan  Mga gawi
- Pag-uugali  Pamilya
- Iba pa \_\_\_\_\_

Ano ang bahagi sa buhay mo na kailangan mong isuko sa kontrol ni Cristo?

\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

Manalangin sa oras na ito na hilingin si Cristo bilang Panginoon na Siya ang mag control ng lahat ng bahagi ng iyong buhay na iyong isinulat sa itaas.

### SA LINGGONG ITO

Tapusin ngayong kabisaduhin ang mga aklat sa Bagong Tipan at alalahanin ang mga nau-nang kinabisa:  
1 and 2 Peter  
1, 2, and 3 John  
Jude  
Revelation

**PAGTAGUMPAYAN  
ANG MGA TAKOT**

Natatakot ka bang isuko ang iyong buong buhay kay Cristo?



"TOTOO BANG NAIS NG DIOS ANG PINAKAMAINAM SA BUHAY KO?"


Mga kadahilanan kung bakit ang iba ay natatakot isuko kay Cristo ang kanilang mga buhay. Markahan ang mga bagay na nakakaapekto din sa iyo:

- Hindi mauunawaan ni Cristo ang mga problema ko.
- Natatakot akong pagawin ni Cristo ng mga bagay na hindi ko kayang gawin.
- Natatakot ako na ayaw ni Cristo na pakasalan ko ang tao na makakapagpasaya sa akin.
- Natatakot akong palayuin Niya ako sa mga kaibigan ko at patigilin ako sa mga ginagawa kong nagpapasaya sa akin.
- Baka hindi ko tapat na masunod lahat ng gusto Niyang ipagawa sa akin.

Basahin ang 1 Pedro 5:6-7. Sa liwanang ng mga talatang, mayroon bang basehan sa iyong mga takot? Oo  Wala

**LUMALAGONG  
MATATAG**

**Basahin: Mga Gawa 1-7**  
(isang kabanata kada araw).



**Kabisaduhin Galacia 2:20**

"Namatay akong kasama ni Cristo sa krus. Hindi na ako ang nabubuhay sa aking sarili, kundi si Cristo na. Ipinapamuhay ko ang buhay kong ito sa pamamagitan ng pananampalataya sa Anak ng Dios na nagmahal sa akin at nag-alay ng buhay niya para sa akin"

6. Ano ang magandang paraan para malaman kung si Cristo ang Panginoon ng buhay ko? Lukas 6:46 \_\_\_\_\_
7. Bakit kailangang isuko ko kay Cristo ang control ng buhay ko?
  - ✓ Hindi ako makakapaglingkod sa dalawang Panginoon. Kailangang mamili ako kanino ako maglilingkod: sa Dios o sa mundo. Hindi ko mabibigyan kaluguran silang pareho. (Lukas 16:13).
  - ✓ Kung wala si Cristo na gagabay sa buhay ko, ako ay alipin sa kasalanan. (Roma 6:16).
  - ✓ Isang araw ako ay haharap sa paghahatol ni Cristo para magbigay sulit paano ako namuhay. (2 Corinto 5:10).

**SINO ANG MAS MAKAKAPAG-INGAT NG MAINAM SA BUHAY KO?**

	Jesus	Ako
Siya na nagnanais ng pinakamabuti sa buhay ko	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
Siya na nakakaalam ng pinakamabuti sa buhay ko	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
Siya na makakagawa ng pinakamabuti sa buhay ko	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>

**ANO ANG DAPAT NA ISUKO KO KAY CRISTO?**

8. Ang mga bahagi sa buhay ko na dapat kong isuko kay Cristo:
  - Roma 12:1 \_\_\_\_\_
  - Roma 12:2 \_\_\_\_\_
  - Efeso 5:15-16 \_\_\_\_\_
  - Mateo 6:19-21, 24 \_\_\_\_\_
  - 2 Corinto 9:6-7 ay nagsasabi din sa masayang pagbibigay Pwede ako magtanim ng kaunti para umani ako ng kaunti o magtanim ako ng sagana upang umani ng masagana din.

**ANG BAWAT ARAW NA PAGSUKO KAY CRISTO:**

Romans 12:1 ay nagtuturo sa atin na isuko natin kay Cristo ang atingkatawan, ang sumusunod na panalangin ay maaring maging modelo sa pang araw- araw na na pagsuko sa Kanya

- "Panginoon, isinusuko ko ang aking sarili sa Iyo.*
- Pagharian mo ang isip ko at ang mga iniisip ko.*
- Pagharian mo ang mga mata ko at ang aking mga nakikita.*
- Pagharian mo ang aking mga tenga, at ang mga nadidinig ko.*
- Pagharian mo ang aking bibig at ang mga sinasabi ko.*
- Pagharian mo ang aking puso, ang aking damdamin at saloobin.*
- Pagharian mo ang aking mga kamay at ang mga ginagawa ko.*
- Pagharian mo ang aking mga paa, at mga pinupuntahan ko.*
- Pagharian mo ang aking katawan, ito ay iyong templo.*
- Puspusin mo ako ng Iyong Banal na Espirito.*



*Nais kong sundin ka.*

*Nais kong gawin ang Iyong kalooban. "*



## Step 5 Pamumuhay sa Espirito

TAMA (T) o MALI (M)

- \_\_\_\_\_ Ang Banal na Espirito ay isang "pwera" ng Dios.
- \_\_\_\_\_ Ang Banal na Espirito ay tumutulong sa atin para malaman natin ang ating mga kasalanan.
- \_\_\_\_\_ Ang Banal na Espirito ay nananahan sa lahat ng Anak ng Dios.

### ANG PANGUNAHING GAWA NG BANAL NA ESPIRITO

Nang si Hesus ay umakyat sa Ama sa Langit, Isinugo ni Hesus ang Banal na Espirito (ang Espirito ng Katotohanan) upang magpatunay patungkol kay Hesus. (Juan 15:26).

1. Ayon sa Juan 16:8-9, ano ang gawain ng Banal na Espirito sa mga hindi mananampalat ya? \_\_\_\_\_
2. Ang Banal na Espirito ay gumagawa sa tao na tumanggap kay Cristo na maging "bagong nilalang". (Juan 3:3-8). Ano sa palagay mo ang kahulugan ng pagiging "bagong nilalang"? \_\_\_\_\_

Sa karagdagan, ang Banal na Espirito ay gumagawa pa ng ibang mga bagay sa mga tumanggap kay Cristo.

3. Basahin ang 1 Corinto 12:12-13. Ayon sa talatang 13 tayong lahat ay \_\_\_\_\_ sa iisang katawan sa pamamagitan ng Espirito.

Ang bautismo sa Espirito ay hindi bautismo sa tubig kundi ito ang gawa ng Banal na Espirito upang tayo ay maging kabilang sa katawan ni Cristo, ang Kanyang Iglesia, na binubuo ng mga tunay na mananampalataya sa buong mundo.

4. Ayon sa Efeso 1:13, tayo ay \_\_\_\_\_ sa pamamagitan ng Banal na Espirito na ipinangako. Ang "tinatakan" ng Espirito ay nangangahulugang tayo ay mga pag-aari ng Dios simula nang tayo ay nanampalataya kay Cristo (v.14). Katulad ng isang nag mamay-ari ng mga bakahan, tinatatakan tayo ng Dios upang sabihing "itong taong ito ay Akin!"
5. Ayon sa 1 Corinto 3:16, ang Cristiano ay templo ng Dios, at ang Banal na Espirito ay \_\_\_\_\_ sa kanya. Ito ay nangangahulugang ang Banal na Espirito ay totoo at permanenteng nananahan sa bawat Cristiano

### BUOD NG PANGUNAHING GAWA NG BANAL NA ESPIRITO

- Pinapatunayan Niya ang ating mga kasalanan.
- Tinatatakan Niya tayo bilang pag-aari na ng Dios magpakailanman.
- Siya ang nagbibigay sa atin ng bagong kapanganakan.
- Nananahan Siya sa ating mga katawan.
- Binabautismuhan Niya tayo sa pagiging bahagi ng Katawan ni Cristo.



### PAGSASALIKSIK

Ayon sa 1 Corinto 6:11, Sino ang Banal na Espirito

\_\_\_\_\_

Tingnan din ang Gawa 5:3-4.

### PAG-ISIPAN ITO

Sinabi ng Efeso 1:14 na ang Banal na Espirito ay ang garantiya o down payment ng ating kaligtasan. Paanong ang katotohanang ito ay nakakaepekto sa iyo?

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

### ANG AKING TUGON

Ngayong alam ko na na ako ay templo ng Espirito ng Dios, paano ko dapat pangalagaan ang aking sarili?  
1 Cor. 6:18-20.

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

## SA LINGGONG ITO

- Ibahagi ang iyong patotoo sa iba kung paano mo nakilala si Cristo.



Maaaring ito ang tao na matagal mo nang ipinapanalangin. Hilingin sa Banal na Espirito na ihanda ang kanilang puso upang tanggapin at maunawaan nila ang iyong patotoo. Alalahanin mong ang Dios, hindi tayo ang nagkukumbinsi sa mga di-mananampalataya ng kanilang pangangailangan sa Dios.

- Isulat ang bunga ng Espirito na sinabi sa Galacia 5:22-23 sa isang card at ilagay ito sa salaminan upang ito ay mapag-aralan palagi.

## LUMALAGONG MATATAG



**Basahin: Kabisaduhin 8-14**  
(isang kabanata kada araw).

**Kabisaduhin**  
**1 Corinto 12:13**

*"Tayong lahat, Judio man o hindi, alipin o malaya ay nabautismuhan sa iisang Espiritu upang maging isang katawan. At iisang Espiritu rin ang tinanggap nating lahat."*

## ANG PATULOY NA PAGGAWA NG BANAL NA ESPIRITO

6. Ano ang ipinangako ni Cristo sa Juan 14:26? \_\_\_\_\_

Ang Espirito ay nagbibigay karunungan at tamang paghahatol. Tinutulungan Niya tayo na maunawaan at maipamuhay natin ang Kasulatan ng Dios sa pagbasa at pag-aaral natin nito.

Kailangan mo ba ng patnubay? Minsan nasa gitna tayo ng mahirap na sitwasyon at hindi natin alam ang gagawin natin. Ang Banal na Espirito ang may akda ng Kasulatan, maaari mo Siyang hilinging ipaliwanag sa iyo ang katotohanan at paano ito mai-apply sa kasalukuyang pangyayari.

Nais mo bang ang Banal na Espirito ay aalalayan kang gumawa ng tamang desisyon? Hilingin mong tulungan ka Niya!

7. Ano pa ang ginagawa Niya sa mga mananampalataya na nagpapakita na ang Banal na Espirito ay kilala tayo ng mas malalim? Roma 8:26-27 \_\_\_\_\_

8. Roma 8:14 ay nagsasabing ang Banal na Espirito ay pinangungunahan ang mga Cristiano. Para tayo ay mapangunahan ng Banal na Espirito tayo ay inuutusan Niyang:

Efeso 5:18 \_\_\_\_\_

Galacia 5:16 \_\_\_\_\_

Ang "mapuspos ng Banal na Espirito" o "lumakad sa Espirito" ay nangangahulugang ang mga Cristiano ay nasa control at gabay ng Banal na Espirito, Ito ay pinapautunayan ng bunga ng Banal na Espirito ayon sa Galacia 5:22-23.

### PAANO AKO MAPUPUSPOS NG BANAL NA ESPIRITO?

- ✓ Kapag kinilala ko na ako ay nagkasala at inamin ito sa Dios. Huwag nang hintaying lumala pa ang kasalanan (1Juan 1:9) Pagkatapos mong aminin ang iyong kasalanan, tanggapin mo sa pananampalataya ang kapatawaran na ibinibigay ng Dios sa iyo.
- ✓ Lumapit sa Dios sa panalangin. Hayaan mo Siyang mag kontrol ng iyong buhay, magpasakop ka sa Kanyang kalooban (Roma 6:13). Basahin muli ang panalangin na, Ang Pagsuko sa Dios Araw-Araw, sa dulo ng nakaraang pag-aaral.
- ✓ Sa pananampalataya, tanggapin ang kapuspusan ng Banal na Espirito, paniwalaang Siya ang nagkokontrol sa iyo. Magsimulang kumilos at mamuhay sa pamamagitan ng pananampalataya.

NARITO AKO PANGINOON



### SUMMARY NG GAWAIN NG BANAL NA ESPIRITO SA BUHAY NG MGA MANANAMPALATAYA

- Tinuturuan Niya ang mga mananampalataya
- Nananalangin Siya para sa mananampalataya.
- Siya ay gumagabay sa mga mananampalataya
- Pinupuno o pinupuspos Niya ang mga mananampalataya.
- Binibigyan Niya ng kalwalhatian si Crito (Juan 16:13-14).



## Step 6 Nakikipag-usap ang Dios sa Akin

TAMA (T) o MALI (M)

- \_\_\_\_\_ Halos lahat ng nasa Biblia ay nagmula sa Dios.
- \_\_\_\_\_ Sa tulong ng Dios ang sinuman ay maaaring maunawaan ang Biblia.
- \_\_\_\_\_ Ang pagbubulay-bulay sa Salita ng Dios ay makakatulong na makuha natin ang pinakadakilang magagawa nito sa ating buhay.

### ANO ANG BIBLIA?

1. Ano ang sinasabi sa 2 Timoteo 3:16 patungkol sa pinanggalingan ng Biblia?

\_\_\_\_\_

Ang salitang "kinasihan" ay makikita sa ibang salin na "hiningahan ng Dios" Ano ang sinasabi nito patungkol sa Salita ng Dios? \_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

Ang talatang ito ay nagsasabi na ang \_\_\_\_\_ ng Kasulatan ay kinasihan ng Dios, Dahil dito, maaari ba itong magkamali? \_\_\_\_\_

2. Sa paanong paraan ang Biblia ay kaiba sa ibang mga aklat? Hebreo 4:12

\_\_\_\_\_

3. Ipaliwanag kung paanong ang Biblia ay katulad ng tabak sa iyong buhay.

\_\_\_\_\_

### ANG LAYUNIN NG BIBLIA

4. Ang Biblia ay pagkain para sa espirtual mong pangangailangan. Saan hinalintulad ang Biblia? 1 Pedro 2:2? \_\_\_\_\_

Ano ang pwedeng mangyari sa isang Cristiano kung kanyang kakaligtaan ang pagbabasa ng Biblia? \_\_\_\_\_

5. Ang Biblia ay gabay sa ating pang araw-araw na buhay. Saan hinalintulad ang Biblia ayon sa Awit 119:105? \_\_\_\_\_

Saan ginagamit ang lampara? \_\_\_\_\_

**Tayo ay nabubuhay sa panahon na maraming kalituhan, Maraming mga "tagapagturo" "Iglesia" at mga "kaibigan" na nagnanais na bigyan tayo ng mga payo. Paano natin malalaman kung alin dito ang katotohanan? Ibinigay sa atin ng Dios ang Biblia na Kanyang Salita para sa layuning ito, na maliwanagan ang ating mga kaisipan at matulungan tayong pag-aralan ang mga payo na ating natatanggap.**

6. Ang Biblia ay tumutulong sa atin upang hindi tayo magkasala (Awit 119:11) Ano ang ibig sabihin ng "itinago ko sa aking puso ang iyong salita"? \_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

### SA LINGGO ITO

Kamusta na ang pagbabasa mo ng mga takdang babasahin sa bawat aralin? Binabasa mo ba ang bawat kabanata sa bawat araw?  Oo  Hindi

Note: Hindi mo naman kinakailangang basahin ang isang kabanata bawat araw. Minsan mas marami pa ang iyong mababasa, minsan naman ay kaunti. Minsan mas mainam na magbasa ng kaunti o isang paragraph lang ng paulit ulit upang ito ay mapag-aralan ng mas malalim.

Sa pagbabasa mo ng Biblia nararanasan mo ba kung paanong hipuin nito ang iyong puso at baguhin ang iyong pamumuhay?  Oo  Hindi

Sabihin sa iba kung ano ang natutunan mo sa iyong pagbabasa. Kung hanggang ngayon ay hindi ka pa nakakapagbasa ng regular, bakit hindi mo simulan ngayon sa pamamagitan ng paggawa ng isang pagtatalaga na:

Sa tulong ng Dios ako ay nagtatalaga na basahin ang Biblia araw araw. Petsa \_\_\_\_\_

Mag-ukol ng panahaon kabisaduhin ang mga aklat sa Lumang Tipan:

- Genesis,
- Exodo,
- Levitico,
- Bilang,
- Deuteronomio,
- Josue,
- Hukom,
- Ruth,
- 1 Samuel, 2 Samuel,
- 1 Hari, 2 Hari,
- 1 Cornica, 2 Cronica





## ANG PAGBUBULAY SA KASULATAN

Ayon sa Josue 1:8 kailangan nating pagbulayan ang Biblia araw at gabi; ibig sabihin ito ay pwede sa lahat ng ng pagkakataon.

Minumungkahi namin ang mga paraan upang patuloy mong mapagbulayan ang Biblia:



Mula sa iyong araw araw na pagbabasa, kopyahin ito sa isang index card o maliit na bahagi ng papel at ilagay ito sa iyong bulsa o pitaka o ito ay iyong idikit sa lugar na makikita mo lagi. Upang ito ay lagi mong mabasa sa buong araw.

Kapag ikaw ay nagbululay bulay sa mga talatang ito, tanungin mo ang iyong sarili:

- ✓ Ano ang itinuturo ng Dios sa akin sa pamamagitan ng talatang ito?
- ✓ Paano ko ito magagamit sa aking buhay sa araw na ito?

## LUMALAGONG MATATAG



**Basahin:**

**Gawa 15-21**

(isang kabanata Bawat araw).

**Kabisaduhin**

**2 Timoteo 3:16-17**

*"Kinasihan ng Diyos ang bawat kasulatan. Ang mga ito ay mapakikinabangan sa pagtuturo, sa pagsaway, sa pagtutuwid, sa pagsasanay sa katuwiran. Ito ay upang ang tao ng Diyos ay maging ganap, na naihandang lubos sa mga mabubuting gawa."*

7. Ang Biblia ay tumutulong sa paglago mo sa pamumuhay bilang Cristiano Ayon sa 2 Timoteo 3:16-17, ang Biblia ay magagamit sa: (v.16)

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

Ang sinumang nagpapagabay sa Kasulatan ng Dios ay magiging ganap, "na naihandang lubos sa mga mabubuting gawa". (v. 17). Mag-ingat sa mga nagsasabing ang Biblia ay hindi sapat at hinihimok ka na humanap ng mga pangitain at kapahayagan karagdagan sa Biblia. **ANG BIBLIA AY SAPAT NA!**

8. Mahirap ba para sa iyo ang manampalataya o maniwala? Basahin ang Roma 10:17 at sagutin ito:

Paano tayo nagkakaroon ng pananampalataya? \_\_\_\_\_

Paano natin palalaguin ang ating pananampalataya? \_\_\_\_\_

9. Ang Biblia ba ay mayroon pinal na karapatan sa iyong buhay? Gawa 17:10-11. Ano ang kaugalian ng mga mananampalataya sa Berea na nararapat nating tularan?

\_\_\_\_\_

**ANG LAMAN NG BIBLIA** Ang Biblia ay nahahati sa dalawang bahagi:

### Ang Lumang Tipan

39 Aklat

Ang Kautusan (Genesis to Deuteronomo)  
The Kasaysayan ng Israel (Josue to Ester/Esdras)

Mga tula (Job to Awit ni Solomon)

Mga Hula (Isaias to Malakias)

### Ang Bagong Tipan

27 Aklat

Ang Buhay ni Cristo (Mateo- Juan)

Ang Paglago ng Iglesia (Gawa)

Mga Katuruan (Roma-Judas)

Hula (Pahayag)

## PAANO NATIN MAS MAPAPAKINABANGAN ANG BIBLIA

**Makinig:** Makisama sa mga mananampalataya sa Iglesia kung saan ang Salita ng Dios ay matapat na itinuturo.

**Mag-aral:** Nagbabasa ka ba ng Biblia araw-araw? Magkaroon ka ng notebook at isulat doon ang iyong mga natutunan sa pagbabasa. Pwede kang magsimula sa aklat ng Juan, Mga Gawa at Roma

**Magbulay-bulay:** Basahin ang "PAGBULAYAN ANG KASULATAN" sa may gilid ng araling ito. Ang pagbululay sa Biblia ay kailangang ng pag-iisip at muling isipin ang Salita ng Dios para ito ay maunawaan at makita kung paano ito i apply sa pamumuhay.

**Magkabisa:** Ang pagkakabisa ng talata na nakatakda sa bawat aralin ay makakatulong upang magkaroon ka ng mga naitanim na talata sa iyong puso't isipan na maaring kailanganin mo sa mga panahon na darating.

**Sumunod:** Isulat sa iyong sariling salita ang sinasabi sa Santiago 1:22

10. Sundin ang halimbawa ni Ezra. Isulat ang 3 bagay na ginawa ni Ezra sa Banal na Kasulatan. Ezra 7:10 \_\_\_\_\_



## Step 7 Pakikipag-usap sa Dios

TAMA (T) o MALI (M)

- \_\_\_\_\_ Upang makapanalangin, kinakailangang ako ay nasa Bahay sambahan at nakaluhod.
- \_\_\_\_\_ Makakapanalangin ako ng may buong loob, sapagkat diringgin ng Dios ang panalangin ko at nangako Siyang tutugunin ito
- \_\_\_\_\_ Hindi sapat na manalangin lang ako bago kumain at bago matulog.

### ANO ANG PANALANGIN?

Ang panalangin ay pakikipag-usap sa Dios. Ito ay simple at natural na pakikipag-usap kagaya ng sa isang kaibigan. Makakausap mo ang Dios patungkol sa lahat ng bagay na may kasiguruhan na ito ay Kanyang nadidinig at kahit na ito ay patungkol sa mga takot at pangangailangan mo. Ang panalangin ay isang malapitang paikipag-ugnayan sa Kanya.

1. Ano ang dakilang alok ng Dios na ibinibigay Niya ayon sa Jeremias 33:3? \_\_\_\_\_

Ang panalangin ay matapat na pag-usal natin ng mga laman ng ating puso sa Dios katulad ng pagbubukas natin ng ating damdamin sa ating mga kaibigang nakikinig sa atin ng buong interest

Paano nangako ang Dios na tutugon sa ating mga panalangin? \_\_\_\_\_

May mga panahon bang ang Dios ay abala kaya hindi Niya maririnig ang ating pagtawag sa Kanya? Oo  Hindi

2. Ano ang dapat na pakikitungo natin sa Dios kapag tayo ay lumapit sa Kanya sa panalangin? Hebreo 4:16 \_\_\_\_\_

Ano ang dahilan sa pagkakaroon natin ng lakas ng loob sa paglapit sa Kanya? \_\_\_\_\_

3. Ano ang panganib na dapat nating iwasan sa ating paglapit sa Kanya sa panalangin? Matthew 6:5-7

v. 5-6 \_\_\_\_\_

Ipliwanag ang talatang 7 \_\_\_\_\_

Ang "The Lord's Prayer" sa mga talatang 9-13 ay isang halimbawa ng tamang paraan ng panalangin.

### PAANO TAYO DAPAT MANALANGIN?

4. Ayon sa Awit 106:1 ano ang magbibigay dahilan sa atin upang purhin ang Dios? \_\_\_\_\_

Isulat mo kung ano ang mga bagay na nakikita mo na nahahayag ang Kabutihan ng Dios. \_\_\_\_\_

5. Imbis na laging mag-alala, ano ang dapat nating gawin? Filipos 4:6 \_\_\_\_\_

Kailangang tayo ay manalangin sa bawat sitwasyon hindi lamang sa mga malalaking bagay o emergencies.

### PAG-ISIPANG MABUTI

*"Kailangang manalangin tayo sa mga pagkakataon na tayo ay may pagnanais sapagkat kasalanan na sayangin natin ang napakahalagang pagkakataon.*

*Kailangan nating manalangin sa mga pagkakataon na wala tayong pagnanais manalangin sapagkat delikado na ikaw ay nasa hindi magandang kalagayang ito."*

*Charles H. Spurgeon*

### SA LINGGO ITO

Mag-ukol ng panahaon kabisaduhin ang mga aklat sa Lumang Tipan at reviewhin ang mga nauna pa:

Ezra  
Nehemias Esdras  
Job  
Awit  
Kawikaan  
Mangangaral  
Awit ni Solomon  
Isaias  
Jeremias  
Panaghoy  
Ezekiel  
Daniel




## GAWIN ITO

Ayon sa 1 Timoteo 2:1  
Ipanalangin ang mga kahilingan mo at mga kahilingan ng ibang tao; magpasalamat para sa iba.

Magkaroon ng listahan ng iyong mga "prayer requests" upang mapaalalahanan ka ng mga bagay na dapat mong ipanalangin.

Isama mo sa listahan ang mga panalangin para sa:

- Miyembro ng pamilya.
- Mga kaibigan
- Mga kapatid sa pananam-palataya
- Mga lingkod ng Dios (Pastor, misyonero, etc.).
- Mga tagapanguna sa ating bansa, bayan at komunidad
- Mga taong nakagawa sa iyo ng masama
- Mga taong nais mong makakilala kay Cristo
- Mga pangarap mo at paglago sa buhay pananam-palataya



## LUMALAGONG MATATAG

**Basahin Gawa 22-28**  
(1 kabanata bawat araw).

### Kabisaduhin Filipos 4:6-7

*"Huwag kayong mabalisa patungkol sa anumang bagay. Sa halip, ipaalam ninyo ang inyong mga kahilingan sa Diyos na may pasasalamat sa pamamagitan ng panalangin at ng panalangin may paghiling. At ang kapayapaang mula sa Diyos, na higit sa anumang pang-unawa, ang siyang mag-iingat sa inyong mga puso at pag-iisip sa pamamagitan ni Cristo Jesus."*

6. Ayon sa Filipos 4:6, ano ang dapat na attitude natin kapag tayo ay humihingi sa Dios ng mga bagay na kailangan natin? \_\_\_\_\_

Kapag nananalangin tayo ng may "pasasalamat," ipinapahayag natin sa Dios ang ating pananampalataya sa Kanya dahil sa kasagutan Niya sa ating kahilingan.

Ayon sa talatang 7, mararanasan natin ang \_\_\_\_\_ sa ating mga puso. Bakit? \_\_\_\_\_

Ang iwanan ang atin mga dalahin sa Kamay ng Dios ay isang bagay na malaya nating magagawa sapagkat nakalaan siya at nagnanais na tayo ay tulungan sa ating mga kalagayan.

7. Ano ang ibig sabihin ng "manalangin ng walang patid"? (1 Tesalonica 5:17)
- \_\_\_\_\_

Kung ikaw ay dapat na manalangin sa lahat ng oras, ibig bang sabihin nito na ikaw ay pwedeng manalangin sa lahat ng lugar maging habang nagtatrabaho, nakasakay sa sasakyan, naglalakad, etc.? \_\_\_\_\_

### PARAAN NG PANANALANGIN:

Isama mo sa iyong panalangin ang:

**Pagsamba at Papuri** sa Dios kung sino Siya

**Pag-amin o pagsisisi** sa iyong mga kasalanan na nakakahadlang sa iyong pakikipag-ugnayan sa Dios.

**Pasasalamat** sa mga ginawa ng Dios sa iyo. Ihayag mo ang iyong pagpapasalamat sa Kanya.

**Kahilingan** para sa iyong mga pangangailangan at panalangin para sa iba.



8. Ayon sa Juan 14:13 tinuruan tayo na manalangin sa pangalan ni \_\_\_\_\_. Siya ang tanging gumawa ng paraan upang maging posible ang paglapit natin sa Dios.

9. Ano pa ang mga dapat nating matutunan sa panalangin mula sa mga sumusunod na talata?

Awit 66:18 \_\_\_\_\_

1 Juan 5:14-15 \_\_\_\_\_

Mateo 21:22 \_\_\_\_\_

10. Paano pinalalakas ng Efeso 3:20 ang iyong pananampalataya? \_\_\_\_\_
- \_\_\_\_\_
- \_\_\_\_\_

### ANG DIOS AY LAGING TUMUTUGON SA ATING MGA PANALANGIN

Ang Dios ay nangakong tutugon sa ating mga panalangin. Siya ay laging tumutugon pero paano? Ang Dios ay tumutugon sa tatlong paraan:

- Minsan Siya ay sumasagot ng OO.
- May mga pagkakataon para sa ating ikakabuti ang sagot Niya ay HINDI
- Sa ibang pagkakataon ang sagot Niya naman ay MAGHINTAY.

## Step 8

# Pakikipagtagpo sa Dios Araw-araw



TAMA (T) o MALI (M)

- \_\_\_\_\_ Mahalaga ng magbasa ng Biblia at manalangin araw-araw.
- \_\_\_\_\_ Kailangang lagi tayong magbasa ng mgaraming kabanata bawat araw.
- \_\_\_\_\_ Nais ng Dios na baguhin ka araw-araw sa pamamagitan ng Kanyang mga Salita.

### ANO ANG DEVOTIONAL TIME?

Ang devotional time ay ang ating araw araw na appointment sa Dios. Ito ay dapat na regular araw-araw, sapagkat kailangan ng panahon para ma develop ang ating relasyon sa Dios. Ang paglago ay hindi nangyayari biglaan. Ito ay dapat na inaalagaan natin bawat araw para tumibay.

*"bawat umaga dinggin mo o Panginoon ang aking tinig; sa kinaumagahan ay aayusin ko ang aking dalangin sa iyo, at magbabant" Awit 5:3*

Ang iba ay tinatawag itong "quiet time" sapagkat ito ay panahon ng pag-iintay sa Dios na mangusap sa pamamagitan ng Kanyang Salita, at tumugon sa panalangin,

### ANG KAHALAGAHAN NITO

Bakit mahalaga na magkaroon ng araw-araw na devotional time?

Josue 1:8 \_\_\_\_\_

Awit 63:1 \_\_\_\_\_

Mateo 4:4 \_\_\_\_\_

Masasabi mo ba na ang pakikipagtagpo sa Dios araw araw ay mahalaga o ito ay magandang maisipan lang (kapag may panahon lang)? \_\_\_\_\_

Bakit? \_\_\_\_\_

### KAILAN AT SAAN KO DAPAT GAWIN ANG AKING DEVOTIONS?

Para sa karamihan, ang pinakamagandang oras ay sa umaga. Ito ay para masimulan ang araw na kasama ang Dios. Sila David at Hesus ay nag-ukol ng espesyal na oras sa umaga (Awit 5:3 and Markos 1:35). Ito ay tiyak na nagpapakita na kailangan nating gumising ng maaga kaysa sa nakasanayan natin, subalit ang pagpupursigeng gawin ito ay mainam. Ang iba naman ay nag-uukol ng panahon nila sa gabi (Awit 63:6) o sa anumang oras sa araw na alam nilang pwede nilang mapanatili ang oras na iyon sa pakikipagtagpo sa Dios.

Ano man ang oras na piliin mo, hanapin mo ang mapayapang lugar kung saan ikaw ay may panahon na walang makakasagabal sa iyo. Minsan ang maghanap ng pribadong pagkakataon ay nangangailangang ikaw ay maunang gumising sa lahat o isarado ang pinto ng iyong kwarto o maghanap ng magandang lugar sa labas ng bahay mo nang malayo sa karamihan.

Mag set ng oras at lugar para sa iyong devotions:

Oras: \_\_\_\_\_ Lugar: \_\_\_\_\_

### PAG-ISIPAN ITO

Ang Hebreo 4:12 ay itinulad ang Biblia sa "tabak na magkabila ang talim"

Minsan ang pagbabasa ng Salita ng Dios ay hindi kumportable sapagkat ito ay tumuturok sa ating puso upang ipakita sa atin kung sino tayo at ano ang mga bagay na dapat itama sa atin.

Napasalamatan mo na ba ang Dios sa kakayahan ng Kasulatan na gawin ito?

### GAWIN ITO

Sauluhin ang sunod sunod na pangalan ng mga aklat sa Lumang Tipan katulad ng mga naunang kinabisa na:

Hosea  
Joel  
Amos  
Obadias  
Jonas  
Micas  
Nahum  
Habakkuk  
Zofonias  
Hageo  
Zecarias  
Malakias



## PLANO SA PAGBABASA NG BIBLIA

Minumungkahi namin na simulan ang iyong pagbabasa ng Biblia sa Bagong Tipan.


Basahin mula sa isang aklat araw-araw hanggang sa ito ay iyong matapos.

Maaari mong simulan ang pagbabasa sa aklat ng Bible sa mga sumusunod:

Juan  
Gawa  
Roma  
Santiago  
Filipin

Note: Kapag natapos mo na ang aklat na binabasa mo. Bago magsimula ulet ng ibang aklat, basahin muna ang ilang mga talata mula sa Awit o Kawikaan.

## LUMALAGONG MATATAG



Basahin 1 Juan 1-5, Awit 1 and 5

(Isang kabanata bawat araw).

Kabisaduhin Josue 1:8

*“ Ang aklat na ito ng kautusan ay huwag mahihwalay sa iyong bibig, kundi iyong pagbubulayan araw at gabi, upang iyong masunod na gawin ang ayon sa lahat na nakasulat dito: sapagka't kung magkagayo'y iyong pagiginhawahin ang iyong lakad, at kung magkagayo'y magtatamo ka ng mabuting kawakasan.”*

**Ang Appendix #4 ay naglalaman ng buod kung paano mo isasagawa ang devotional time.**

Gupitin ang pahina at idikit sa iyong Biblia. Magsisilbi itong gabay upang tulungan kang makinabang sa iyong araw-araw na pakikipagtagpo sa Dios.

## MGA BAGAY NA PWEDE MONG GAWIN SA IYONG ORAS NG DEVOTION

***Ihanda ang iyong puso:***

Ano ang tamang ugali natin sa harapan ng Dios?

Awit 139:23-24 \_\_\_\_\_

Awit 119:18 \_\_\_\_\_

Awit 5:3 \_\_\_\_\_

Hebreo 4:16 \_\_\_\_\_

***Pag-aralan ang Salita ng Dios***

Sinabi ng mang-aawit na, “Ang pagsunod sa utos mo ay siya kong sinisikap... aking hinanap ang mga tuntunin mo” (Awit 119: 94, 95). Ito ay nagpapakita na hindi lang sa pagbabasa kundi sa pag-aaral ng mga talata upang ma diskubre ang mga kahulugan nito at makita kung ano ang nais ng Dios na ipangusap sa atin.

Sa pagsisimula, pag-aralan ang mga maikling kabanata. Mas mainam minsan na maikling kabanata o mga 1 o 2 talata lamang upang ito ay mapag-aralang mabuti.

### Paano Pag aralan ang Biblia



Kabanata/Talata: \_\_\_\_\_

Magtanong ng mga bagay na makakatulong upang magbulay-bulay sa talata. Ito ang mga ilang halimbawa ng mga katanungan sa iyong pagbabasa:

1. Ano ang bagay na pumukaw ng iyong pansin sa mga talata?
2. Ano ang pangunahing ipinapakita ng mga talata?
3. Ano ang mga pangunahing salita? Ano ang iyong ibig sabihin
4. Itanong: Sino? Ano? Kailan? Saan? Bakit? Upang tulungan tayon maunawaan ang konteksto at pangunahing ideya
5. Ano ang ibig sabihin nito sa iyong buhay? Ano ang ninanais ng Dios na iyong gawin?
  - a. Mayroon bang utos na dapat sundin?
  - b. May halimbawa ba na dapat sundin?
  - c. May kasalanan bang dapat itakwil?
  - d. May mga pangako ba na maaangkin?

✍ Magkaroon ng Notebook upang magamit sa devotional time. Gamitin ang method na nasa itaas patungkol sa pag-aaral ng Biblia, isulat ang iyon mga kaisipan sa iyong notebook.

## MGA PRAKTIKAL NA MUNGKAHI

1. Gamitin ang oras na kailangan mo para sa iyong devotions. Huwag magmamadali.
2. Unahing lagi ang iyong pakiki-tagpo sa Dios. Subukang huwag mag mintis sa iyong appointment sa Dios, Kung ikaw man ay mag mintis huwag mawlan ng sigla, magpatuloy na tapat sa bawat araw.
3. Subukang magbasa ng isang kabanata sa isang araw. May mga panahon na mas mainam magbasa ng maikli upang ito ay mapag-aralan pa. May mga panahon naman mas kailangan mong magbasa ng isang kabanata sa bawat araw
4. Markahan ang iyong Biblia. Guhitan ang mga pangunahing talata sa iyong pagbabasa upang madali itong makita.
5. Subukang isalin ang mga pangunahing talata sa iyong sariling mga salita upang ito ay mas mau-nawaan.
6. Kung mahirap mag concentrate, magbasa o manalangin ng malakas ng nakatayo. Mas mainam pang huwag gawin ang iyong devotions nang nakahiga sapagkat makakatulugan mo ito. Hilingin sa Dios na bigyan ka ng kapangyarihang mag concentrate. .
7. Gumamit ng Notebooks upang maisulat ang resulta ng iyong Bible Studies, at mga kahilingan sa panalangin, etc

## Manalangin

Manalangin ayon sa mga pinag-aralang talata. Tumugon sa Dios. Sabihin sa Dios kung ano ang mga reaksiyon mo sa mga sumusunod:

- ✓ Pagsamba at papuri sa Dios kung Sino Siya at ano ang Kanyang mga gawa Ang Awit ay makakatulong sa iyo na payamanin ang iyong pagpupuri sa Dios.
- ✓ Pagtatapat/pagsisisis: Kapag namalayan mo ang lahat ng iyong karumihan sa buhay?
- ✓ Pagpapasalamat sa mga ibinigay sa iyo ng Dios
- ✓ Panalangin para sa mga personal na pangangailangan at pangangailangan ng iba

## Hayaang ang musika ay umaliw sa iyo: Umawit para sa Panginoon o makinig ng mga Cristianong musika.

Ang musika ay nagpapataas ng iyong espiritu at tumutulong na magkaroon ka ng panganorin ng pagsamba. Makinig o sumabay sa pag-awit, o humuni ng isang awit ng pagsamba sa buong araw. Hindi lamang sa panahon ng iyong devotions (Efeso 5:19). Magkaroon ka ng mga magagandang Cristianong awitin.

## Ipamuhay ang iyong natutunan

Santiago 1:22 ay nagsabi sa atin na tayo ay maging “tagagawa ng Kanyang mga salita” at hindi lamang “tagapakinig”. Ang pagbabasa ng Biblia nang hindi ito ina apply sa ating buhay ay para tayong nanalamin nang hindi inaalis o nililinis ang mga dumi na ipinakita ng salamin. Wlang saysay kung magbabasa lang pero hindi naman laang sundin ang siansabi ng napag- aralan.

Note: Hindi ibig sabihin nito hihinto na tayo sa pagbabasa ng Biblia. Kailangang basahin kapag tayo ay nanlalaban pa sa Kanyang mga salita. Mas lalo pa tayong magbasa ng magbasa na hinihiniling sa Dios na baguhin ang ating mga puso. Huwag hayaang ang kaaway ay ilayo tayo sa Salita ng Dios.

## Magbulay-bulay at Magsaulo

Kopyahin ang talata sa isang pirasong papel o notebook upang mapagbulayan ito sa buong maghapon. Subukang sauluhin ito sa ganitong paraan, tutulungin tayo ng Dios na tanggihan ang kasalanan.

---

## PAGBABALIK-ARAL: SIMPLENG PLANO PARA SA IYONG DEVOTIONAL TIME

### 1. Ihanda ang iyong puso


- Suriin ang iyong sarili at pagsisihan ang mga kasalanan.
- Hilingin sa Dios ang pang-unawa

### 2. Pag-aralan ang Biblia

- Ano ang pinakanagustuhan mo?
- Ano ang pangunahing ideya/paksa?
- Ano ang mga pangunahing salita? Ano ang ibig sabihin nito?
- Ano ang ibig sabihin nito sa iyong buhay?

### 3. Manalangin sa Panginoon

- Kausapin Siya patungkol sa iyong napag-aralan
- Sambahin Siya kung sino Siya at ano ang Kanyang mga gawa.
- Magpasalamat sa Dios sa gianwa Niya sa iyo.
- Humiling sa Dios sa pamamagitan ng iyong listahan ng kahilingan.



### 4. Umawit o makinig ng mga papuring awitin

### 5. Ipamuhay ang iyong mga natutunan


Pinag-aralan mo ang Salita ng Dios, ngayon, ipamuhay mo ang mga ito.

### 6. Magbulay-bulay at magsaulo

Mula sa mga binasa mo, pumili ng talata na iyong kakabisaduhin. Isulat ito sa pirasong papel at ito ay dalhin sa buong araw

## Step 9

# Ang Iglesia



TAMA (T) o MALI (M)

- \_\_\_\_\_ Ang iglesia ay isang gusali.
- \_\_\_\_\_ Ang iglesia ay mamamayan ng mga tunay na mananampalataya saan mang lugar sa mundo.
- \_\_\_\_\_ Hindi ko na kailangan ang iglesia dahil sapat na na ako ay nagbabasa ng bibliya sa bahay, nakikinig at nanonood ng mga christian programs sa radio at TV

### ANO ANG IGLESIA?

Sinabi ni Hesus sa Mateo 16:18 "itatayo Ko ang aking Iglesia". Ito ay Kanyang Iglesia, at hindi kung anong organisasyon na itinatag lang ng tao, ito ay kakaiba sa lahat ng mayroon na. Sa pamamagitan ng mabuting balita, ang bawat tao ay naging tagapagmana, at bahagi ng pangako ng kaligtasan (Efeso 3:6).

Ang iglesiang Kanyang ipinangako ay matatag pa rin ngayon at patuloy na lumalago bilang kapahayagang pisikal ni Cristo sa sanlibutan. Sa isang banda, ang iglesia ay "universal" o pangkalahatan subalit ito ay may lokal na kapahayagan. (Mateo 16:18, Gawa 13:1).

### ANG PANGKALAHATANG IGLESIA

Ang pangkalahatang iglesia ay isang supernatural na katawan kung saan si Cristo ang ulo. Ito ay binubuo ng lahat ng mga ipinanganak na muli mula sa araw ng Pentecostes hanggang si Hesus ay dumating na muli dito sa lupa.

1. Saan inihalintulad ang iglesia? 1 Corinto 12:27 \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
2. Sino ang bumubuo ng katawang ito (ang iglesia)? Ang bawat tunay na mananampalataya ni Hesus-Cristo na binago ng Banal na Espirito (1 Cor. 12:13) ay bahagi ng iglesia. May mga mananampalataya mula sa iba't ibang grupo, denominations, at kultura. Tayo ay bahagi ng isang malaki at espesyal, buong-mundong pamilya na ginagamit ng Dios para ipakita ang Kanyang pag-ibig at ang pagbabagong ginagawa sa mundo.
3. Ano ang ibinigay ni Hesus sa bawat miyembro ng iglesia? Roma 12:4-8 \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_ Tingnan ang column sa gilid.
4. Sino ang ulo ng Iglesia? Efeso 4:15 \_\_\_\_\_  
Maingat na sumunod kay Cristo, hindi sa isang grupo o leader ng isang relihiyon. Mag-ingat din laban sa mga nagsasabing ang kanilang grupo lang ang tunay na iglesia.
5. Bakit nag-eexist ang church? Efeso. 1:12 \_\_\_\_\_  
"Kaya nga, kung kakain kayo, o iinom o anumang gagawin ninyo, gawin ninyo ang lahat ng bagay para sa kaluwalhatian ng Diyos." (1 Cor. 10:31).  
Mag-isip ng paraan kung paanong mabibigyan ng parangal ang Dios.
6. Ano ang misyon ng iglesia? Mateo 28:18-20 \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

### LAYUNIN

Palalimin ang iyong pakikisama sa mga kapatid kay Cristo sa Iglesia, sa pamamagitan ng pag-anyaya sa kanila sa bahay upang magsalo salo nang magkasama



### PAG-ISIPAN

Binigyan ng Dios ang bawat mananampalataya ng espirtual na kaloob. Roma 12, Efeso 4:11, at 1 Corinthians 12. Halimbawa ng mga kaloob na ayon sa mga talata:

- Paglilingkod
- Pag-ebanghelyo
- Pangangalaga
- Pagtuturo
- Pangangaral
- Pagbibigay
- Pananampalataya
- Karunungan
- Pagpapakita ng kahabagan
- Pangunguna/Administrasyon

Alam mo na ba ang iyong kaloob? Kung hindi pa, tuklasin ito sa pamamagitan ng:

- Panalangin
- Magtalaga sa inyong iglesia sa paglilingkod.
- Sa iyong paglilingkod, tanungin ang ibang mananampalataya kung ano ang nakikita nilang abilidad sa iyo. May nakikita ba silang espesyal na kaloob sa iyo

## PAG-ISIPAN

Ilista ang mga dahilang ginagamit ng ibang mananampalataya sa hindi nila pagdalo sa mga pagtitipon.

---

---

---

---

---

Ano ang kanilang tunay na dahilan sa hindi nila pagdalo? Hebreo 10:25

---

---

---

## SA LINGGONG ITO

Ilista ang pangalan ng mga tagapanguna ng Iglesia at ipanalangin sila bawat isa sa linggong ito.



## LUMALAGONG MATATAG

### Basahin and Roma 1-4

(basahin bawat talata sa loob ng 2 araw upang maunawaan itong maigi.)

### KABISADUHING Hebreo 10:24-25

*“Isaalang-alang natin na magpalakasan tayo ng loob sa isa’t isa patungo sa pag-ibig at mga mabubuting gawa. Huwag nating pabayaang ating pagtitipon-tipon katulad ng iba na may ganyang kaugalian. Sa halip, palakasin natin ang loob ng isa’t isa, lalo na, na inyong nakikita na nalalapit na ang araw.”*

## ANG LOKAL NA IGLESIA

Ang lokal na iglesia ay ang grupo ng mga tao na muling ipinanganak, nabautismuhan, at isinaayos para sa kalwalhatian ng Dios, nagpapalakasan sa isa’t isa at ipinapahayag ang mabuting balita.

7. Basahin ang Hebreo 10:24-25. Itinuturo ba ng bibliya na ang mga mananampalataya kay Cristo ay kailangan na maging bahagi ng lokal na iglesia?  Oo  Hindi  
Bakit? \_\_\_\_\_

Paano natin mapupukaw ang bawat isa sa pag-ibig at paggawa ng mabuti?

---

---

8. Ano pa ang ginawa ng mga mananampalataya sa iglesia sa Jerusalem ng magkakasama

Gawa 2:42 \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

9. Sa paanong paraan natin matutulungan ang lokal na iglesia?

Galacia 6:10 \_\_\_\_\_

1 Pedro 4:10 \_\_\_\_\_

2 Corinto 9:7 \_\_\_\_\_

Ang 1 Timoteo 3:1-7 at Tito 1:5-9, ay nagbigay ng mga requirements para sa mga tagapanguna ng iglesia. Basahin ang mga talatang ito. Maaaring hindi mo pa pinaplanong maging tagapanguna, subalit ang bawat cristiano ay dapat naisin ang mga katangian na sinambit sa mga talata.

10. Ano ang dapat na pakikitungo natin sa mga tagapanguna na ibinigay sa atin ng Dios sa lokal na iglesia?

1 Tesalonica 5:12-13 \_\_\_\_\_

Hebreo 13:17 \_\_\_\_\_

11. Ano ang isang tungkulin ng iglesia sa bawat miembro ayon sa Galacia 6:1-2?

---

---

12. Ano ang dapat na ugali natin kapag tayo ay nagco-correct ng isang lumayong kapatid? v. 1-2

---

---

Ang Iglesia bilang isang pamilya, ay may responsibilidad na bantayan ang ikakabuti ng bawat isa. May mga panahon na kinakailangang pairalin ang pagdidisiplina upang mapanaliti ang patotoo at kalinisan ng iglesia. Ito ay dapat gawin sa pag-ibig at pagmamalasakit sa iglesia at mga miembro. Ang pagdidisiplina ay isa sa mga ginagamit ng Dios upang pukawin ang bawat isa sa pamamagitan ng pag-ibig at paggawa ng mabuti.





# Step 10 Pagpapatotoo

TAMA (T) o MALI (M)

- \_\_\_\_\_ Mahalagang mabahaginan ng mabuting balita (evangelize) ang iba sapagkat ang karamihan ay nasa daan patungo sa impiyerno
- \_\_\_\_\_ Ma-evangelize ko ang mga kapamilya at mga kaibigan ko ng may tagumpay.
- \_\_\_\_\_ Kung kinakailangan kong ibahagi ang aking pananampalataya, kailangan kong kumuha ng kurso sa pagiging saksi.

Isa sa mga pribilehiyo ng mga mananampalataya ay ang ipatotoo ang tungkol sa kanyang pananampalataya kay Cristo. Ang pagpapatotoo o pag eebanghelyo ay pagbabahagi ng plano ng kaligtasan sa ibang tao, upang tanggapin nila si Cristo.

## ANG PANGANGAILANGANG MAGPATOTOO

Nakita natin sa mga unang pag-aaral na lahat ng tao ay nakagapos sa tanikala ng kasalananan

*"Walang matuwid, wala kahit isa." Roma 3:10*

*"Ang lahat ay nagkasala at hindi nakaabot sa kalwalhatian ng Dios." Roma 3:23*

1. Ang Mateo 7:13-14 ay tumatalakay patungkol sa 2 daan na nagpapakita ng 2 mag-kaibang destinasyon ng buhay. Ayon sa mga talatang ito, ano ang nakaabang na tadhana na nag-iintay sa maraming tao? \_\_\_\_\_

2. Ano ang sinasabi ng Juan 3:18 patungkol sa mga hindi nagtitiwala kay Cristo? \_\_\_\_\_

3. Ano ang nais ng Dios sa lahat ng tao? 2 Peter 3:9 \_\_\_\_\_

Ang hangad ng Dios ay huwag ng humatol, kundi ang lahat ng tao ay magsisisi upang sila ay maging bagong nilalang kay Cristo (2 Cor. 5:17) at maging malaya sila sa kapahamakan ng kasalanan.

## ANG ESPESYAL NA MISSION NA IPINAGKATIWALA SA ATIN

4. Basahin ang 2 Corinto 5:20. Ano ang kahulugan ng pagiging kinatawan tayo ni Cristo? \_\_\_\_\_

Ano ang ating misyon at mensahe? \_\_\_\_\_

5. Ang Mateo 5:14-16. Ay tinatawag tayo hindi lang bilang kinatawan ni Cristo kundi... \_\_\_\_\_ (v. 14)

6. Ano ang ibig sabihin sa iyo na tayo ay mga "ilaw ng sanlibitan?" \_\_\_\_\_

7. Ano ang ibig sabihin sa iyo na "ilalagay ba ang ilaw sa ilalim o sa basket? v. 15 \_\_\_\_\_

## IHANDA ANG SARILI SA PAGBABAHAGI SA IBA

*Nahihiya ka ba dahil hindi mo alam kung ano ang sasabihin mo sa mga nais mo iba-hagi ang mabuting balita*



Normal na magkaroon ng ganoong damdamin. Subalit kailangan tayo ay magkaroon ng lakas ng loob:

- Pag-aralan ang Plano sa Kaligtasan
- Isapuso ito kasama ang mga talata sa biblia.
- Gupitin ang pahina sa appendix patungkol sa plano ng Kaligtasan at idikit ito sa iyong Biblia.
- Kung nais mong malaman ang epektibong pagbibigay ng personal na patotoo basahin ang nasa pahina 22 upang makakuha ng mga suggestions patungkol sa pagbabahagi ng iyong pananampalataya sa iba.

## SA LINGGONG ITO

- Kanino mo nararamdaman na ikaw ay responsableng ibahagi ang mabuting balita sa kanila? Isulat ang kanilang pangalan sa ibaba.

Miembro ng Pamilya:

---

---

---

Mga Kaibigan at Kakilala:

---

---

---

- Ipanalangin sila lagi at kausapin sila patungkol kay Cristo.
- Kailan ka magsisimulang magpatotoo sa kanila? Ngayon na!

Sa linggong ito ibahagi sa kanila ang Plano ng Kaligtasan sa isa sa mga inilista mo. Huwag nang patagalin pa! Kung hindi mo man kabisado pa ang Plano pwede kang mag-simula sa Juan 3:16.



## LUMALAGONG MATATAG

### Basahin Roma 5-8

(basahin ang 2 kabanata sa loob ng 2 araw upang ito ay lalong maunawaan.)

### Kabisaduhin

*Kabisaduhin ang Plano ng Kaligtasan sa Appendix 6*

8. Gaano kaliwanag ang iyong ilaw? Unaawain mo na ikaw ay ilaw ng sanlibutan. Markahan ang pahayag na nagpapakita ng iyong buhay:

- Nais kong ipahayag si Cristo sapagkat binago Niya ang buhay ko
- Minsan ako ay nagliliwanag, minsan ay hindi sapagkat marami pa akong nagagawang hindi tama.
- Hindi ko alam kung paano magpatotoo patungkol kay Cristo
- Nahihya akong pag-usapan patungkol kay Cristo.



9. Ikaw ba ay nahihya na ibahagi si Cristo sa ibang tao? Kung oo, basahin ang Roma 1:16. Bakit hindi ikinahihya ni Pablo ang mabuting balita patungkol kay Cristo?

---

10. Ang Mateo 28:19-20 ay naglalaman ng Dakilang Tagubilin, Sa tagubiling ito, ano ang iniutos ni Cristo na dapat nating gawin?

---

- Kabilang dito:
- **Puntahan** ang hindi pa nakakarinig ng mabuting balita patungkol kay Cristo kabilang na ang ibang mga bansa.
  - **Ibahagi ang mabuting balita** at akayin sila sa pananalig kay Cristo.
  - **Turuan sila** kung paano lumago bilang mga tagasunod ni Cristo.

## PAANO MAGING SAKSI: MGA PRAKTIKAL NA MUNGKAHI:

- Hayaang baguhin ni Cristo ang iyong buhay. Alalahanin na ang iyong mga salita ay magiging mababaw kung ito ay hindi pinapatunayan ng iyong pag-uugali at katangian. Mateo 5:16
- Isapusong pag-aralan ang Plano ng Kaligtasan sa pahina 22 pati na ang mga talata sa biblia.
- Gamitin ang Biblia. Ito ay Salita ng Dios. Ang pinaka makapangyarihang sandata na mag-aalis ng kaguluhan sa isip ng mga makasalanan. Heb.4:12
- Umasa/dumepende sa Banal na Espirito na tutulong sa iyong pagpapatotoo. Siya ang hahatol sa mundo sa kasalanan nito, ihahanda Niya ang puso ng mga tao para pakinggan ang plano ng kaligtasan. (Juan 16:8). Hindi natin sila mababago sa pagpilit sa kanila. Ang Dios ang ang gagawa ng pagbabago sa kanilang puso.
- Patuloy na ipanalangin ang iyong mga kaibigan at kapamilya na hindi pa tumatanggap kay Cristo. Humanda sa mga pagkakataon na magbahagi sa kanila.
- Tingnan ang mga hindi pa sumasampalataya ng may kahabagan.
- Tumingin sa mga hindi- mananampalataya ng may kahabagan, may pang-unawa na sila ay namumuhay na alipin sa kasalanan. Ang hindi-mananampalataya ay hindi mo kaaway; kundi sila ay biktima ng kaaway (Satanas).
- Magpatotoo sa kanila ng may pagpapakumbaba (1 Pedro 3:15) Unawain mo na kung hindi sa biyaya ng Dios, maaaring ikaw ay nasa parehong kalagayan niya pa rin.
- Maging maibigin at magalang. Siguraduhin na ang hindi-mananampalataya ay mararamdamang nais mong makatulong sa kanya. Huwag siyang ikondena.
- Maging natural. Ang pinakamainam na abutin mo ay ang iyong pamilya at mga kaibigan. Huwag matakot magpatotoo sa kanila kung ano ang ginawa ng Dios sa iyo. Huwag mong palampasin ang pagkakataong ito.
- Magtanong sa iyong pastor paano ka makakakuha ng magandang babasahin an maaari mong ipamigay.
- Maging matapang. Hindi lahat ay maaaring tanggapin ang iyong mensahe, ngunit isipin mo lagi na ikaw ay tagapaghayag ng mabuting balita na nagdudulot ng buhay na walang hanggan (Roma 1:16). At ang maganda, maraming mga tao ang bukas sa salita ng Dios higit pa sa ating inaakala.



## Step 11

# Bautismo at Komunyon

TAMA (T) o MALI (M)

- \_\_\_\_\_ Kailangan kong mabautismuhan para maligtas.
- \_\_\_\_\_ Ang bautismo at komunyon ay mas nagpapabanal sa akin.
- \_\_\_\_\_ Ang tinapay at inumin sa banal na hapunan ay mga simbolo lamang ng katawan at dugo ni Cristo.

### BAUTISMO

1. Bago bumalik sa Ama sa langit, si Hesus ay nagbiling sa Kanyang mga tagasunod na gumawa ng mga alagad sa lahat ng bansa. Ayon sa Mateo 28:19-20, sa sinumang maging tagasunod ni Cristo, ano ang mahalagang hakbang na dapat niyang gawin? \_\_\_\_\_

**Ang bautismo ay hindi optional; ito ay utos ng Dios na dapat sundin ng bawat mananampalataya.**

2. Ang bautismo ay hindi kailangan para maligtas kundi ito ay resulta sa pagsunod sa Dios ng mga naligtas. Tingnan natin ang punong bantay sa Filipos ayon sa Gawa 16. Ano ang kailangan para maligtas? Gawa 16:30-31

Paano ipinakita ng punong bantay at ng kanyang pamilya ang patotoo ng kanilang pananampalataya? Gawa 16:32-33 \_\_\_\_\_

v. 34 ipinakita na ang buong pamilya ay nanampalataya hindi lamang ang punong bantay.

**Ang pangunahing layunin ng bautismo ay patotohanan sa publiko ang kailigtasang tinanggap.**

3. Ayon sa Gawa 2:41, pagkatapos na tanggapin ang mabuting balita, sila ay \_\_\_\_\_, at mga tatlong libong kaluluwa ang \_\_\_\_\_ sa kanilang bilang.

Ang tatlong libong taong ito sa pamamagitan ng bautismo ay ibinilang nila ang kanilang sarili sa iglesia sa Jerusalem. **At sa paraan ding iyon, ay ibinibilang natin ang ating sarili sa lokal na iglesia kapag tayo ay nagbabautismo.**

**May mga taong mali ang kanilang hakain patungkol sa bautismo, kaya importanteng malaman na:**

1. Ang bautismo ay hindi tayo maililigtas.
2. Hindi rin ito hakbang patungo sa kaligtasan.
3. Hindi tayo nagiging banal sa pamamagitan ng bautismo, subalit ito ay humihimok sa atin na mamuhay sa kabanalan.

### MALALIM NA PAG-UNAWA

Basahin ang Roma 6:1-4. Sa uanng tingin, ang mga talatang ito ay parang nagsasaad patungkol sa bautismo sa tubig. Subalit, ang salitang "bautismo" ay ginagamit upang ipakita ang pagkabilang o pagkakilanlan kay Cristo.

Kapag tinanggap natin si Cristo, ibinibilang natin ang ating sarili sa kanyang kamatayan, pagkalibing at pagkabuhay sa pamamagitan ng pagbabautismo. Kaya, kay Cristo tayo ay mga bagong nilalang na o bagong tao na.

Ang bautismo sa tubig ay sumisimbolo sa pagbabago na nangyayari noong tayo ay naligtas.

Ang paglubog sa tubig ay nagsisimbolo ng ating pakikibilang sa kamatayan at pagkalibing ni Cristo. Nagpapa-alala ito na tayo ay patay na sa dati nating buhay. Ang pag-ahon sa tubig ay nagsisimbolo ng ating pagkabuhay na mag-uli ng may panibagong buhay.

### MAGPASYA



Kung tinanggap mo na si Cristo, ikaw ba ay sumunod na sa Kanya sa pagpapabautismo?

Oo  Hindi

If you have not been baptized, talk to your pastor or leader in your church today.

**PAG-ALALA**

Ayon sa Hebreo 10:10- 12, Ilang beses kailangang ialay ni Hesus ang Kanyang sarili para sa kasalanan? (basahin sa english)

" \_\_\_\_\_  
for all."

Isipin ang implikasyon ng mga talatang ito doon sa mga nag-sasabing ang tinapay at inumin ay literal na nagiging katawan at dugo ni Cristo.

Kung ito ay totoo, magiging alay si Cristo linggo-linggo.



**GLUMALAGONG MATATAG**

**Basahin ang Santiago 1-5; Awit 19; at Awit 27**  
(1 kabanata bawat araw).

**Kabisaduhin Mateo 28:19**

*"Humayo nga kayo. Gawin ninyong alagad ang lahat ng mga bansa, inyong bawtis-muhan sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espirit..."*

**ANG BANAL NA HAPUNAN/KOMUNYON**

Ang banal na hapunan o komunyong ay isinagawa ng ating Panginoong Hesus nang gabi bago siya itakwil. Ito ay sagrado at napakahalaga. Ang iba ay tinatawag itong sakramento subalit ito ay nakakalito sapagkat ang pagkaunawa ng iba sa salitang "sakramento" ay ang pagbibigay biyaya sa taong nakikibahagi dito, na parang sila ay nakakagawa ng kabanalan sa tuwing sila ay nakikibahagi dito.

4. Mangyaring basahin ang 1 Corinto 11: 23-26. Ayon sa kapitolo 26,  
Ipinahahayag natin ang \_\_\_\_\_  
Hanggang \_\_\_\_\_

5. Ano ang ibig sabihin ng "gawin nyo ito sa pag-alala sa akin"? \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

Ang mga talatang ito ay nagtuturo sa atin ng kahulugan ng Banal na Hapunan. Ipinapaalala nito sa atin ang pagsakripisyo ni Cristo doon sa krus para sa atin, at ito ay nagpapa-alala sa atin ng muling pagdating Niya. Hindi ito paraan para makatanggap tayo ng biyaya, kundi ito ay nagpapa-alala sa atin ng biyaya ng Dios na nahahayag sa kamatayan ni Cristo.

6. Ano ang sinisimbolo ng tinapay at saro/inumin? v. 24-25  
Ang Tinapay \_\_\_\_\_  
Ang Saro \_\_\_\_\_

7. Ngayon basahin naman ang 1 Corinto 11:27-31. Ang kapitolo 28 ay nagsasabing bago tayo makibahagi sa komunyong ay siyasin muna natin ang ating mga sarili. Ano ang ibig sabihin nito sa iyo? \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

8. 1 Corinto 10:16-17 ay nagbibigay-diin sa ibang aspeto pa ng banal na hapunan, ito ay komunyong (communion). Pakikibahagi, o pakikiisa. Ano ang ibig sabihin sa iyo nang pakikiisa sa ibang mananampalataya?  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

**Mga maling pagkaunawa patungkol sa Banal na Hapunan. Kaya, mahalaga na ito ay malaman natin:**

1. Ang banal na hapunan ay hindi sakramento na nagpapataw ng biyaya ng Dios o ito ay magical.
2. Hindi tayo mas nagiging banal, subalit ito ay nag-uudyok sa atin na maging banal.
3. Ang inumin ay hindi nagiging dugo talaga ni Hesus, maging ang tinapay ay hindi nagiging katawan talaga ni Hesus.
4. Ito ay pagpapakita ng ating pagsunod at pakikiisa natin kay Cristo kasama ang ating mga kapatid sa pananampalataya.

# Step 12

## Ang Pamilya



TAMA (T) o MALI (M)

- \_\_\_\_\_ Ang pangunahing responsibilidad ng asawang lalaki ay mahalín ang kanyang asawang babae.
- \_\_\_\_\_ Ang paggalang ng asawang babae sa kanyang asawang lalaki ay maaaring maging paraan na ang kanyang asawa ay makakilala kay Cristo.
- \_\_\_\_\_ Kahit na ang magulang ay hindi mananampalataya sila ay nararapat pa ring igalang ng anak na sumasampalataya kay Cristo.

### ANG CRISTIANONG PAMILYA

Ang Cristianong tahanan ay sentro ng suporta, proteksyon, at pagpapatibay. Sa isang tahanan, ang materyal at emosyonal na pangangailangan ay natatagpo at ang mga anak ay natuturuan paano harapin ang mga pagsubok sa buhay. Ngunit kung si Cristo ay hindi naghahari sa ating tahanan, imbis na ito ay maging lugar ng kanlungan, ito ay nagiging lugar ng pag-aaway at kabiguan.

#### Ang plano ng Dios sa pamilya ayon sa aklat ng Genesis

*"At sinabi ng Panginoong Dios, Hindi mabuti na ang lalake ay magisa; siya'y ilalalang ko ng isang katulong niya..." Genesis 2:18*

- ✓ Ang Dios ang lumikha kay Eba na asawa ni Adan, kaya ang kaisipan ng pagtayo ng tahanan ay nagmula sa Dios mismo.
- ✓ Ang asawang babae ay marapat na katuwang akma sa kanyang asawa. Ang asawang babae at lalaki ay parehong gumaganap o kumukumpleto sa isa't isa. Pinag-isa, at ito ay mas nakainam sa kanila kaysa nung sila ay hindi pa magkasama.

*"Kaya't iiwan ng lalake ang kaniyang ama at ang kaniyang ina, at makikipisan sa kaniyang asawa: at sila'y magiging isang laman. At sila'y kapuwa hubad, ang lalake at ang kaniyang asawa, at sila'y hindi nagkakahiyaan.." Genesis 2:24-25*

- ✓ Iiwan ang kanilang magulang na ibig sabihin sila ay magiging independent sa kanilang mga magulang upang bumuo ng sarili nilang pamilya. Sa paraan lamang na ito matututo silang dumepende sa isa't isa.
- ✓ "Isang laman" ay nagpapakita na sila ay dapat mamuhay ng pinag-isa sa isa't isa hindi para magpaligsahan kundi maging matalik na kaibigan na magkabahagi sa kanilang mga kaisipan.
- ✓ Ang pagtatalik sa loob ng kasal ay hindi dapat ikahiya dahil ito ay regalo ng Dios sa mag-asawa para sa kanilang kabutihan. Ang mga anak na magiging bunga nila ay pagpapala ng nagmula sa Dios.

### ANG IYONG RESPONSIBILIDAD SA TAHANAN

1. Ano ang utos na ibinigay ng Dios sa **mga asawang lalaki**

Efeso 5:25 \_\_\_\_\_

Colosas 3:19 \_\_\_\_\_

1 Pedro 3:7 \_\_\_\_\_

Lalaki, nagagawa mo ba ang mga bagay na ito? Kung hindi pa, anong bahagi ang kailangan mong baguhin sa buhay mo? Isipin mo ang uri ng pag-ibig ni Cristo sa Kanyang iglesia. Ang pag-ibig na ito ay modelo na dapat tularan sa iyong relasyon sa iyong asawa.

### PAG-USAPAN

Ang bibliya ay nagtuturo sa mga asawang babae na magpasakop sa asawang lalaki. Ang ibig bang sabihin nito na ang lalaki ay mas lamang sa babae?



### PAG-ISIPAN ITO

There are many things that can threaten the unity of the home. Write some of them down.

---



---



---

Isa sa mga banta sa pagkakaisa ng pamilya ay ang pagbibigay ng mababang pagpapahalaga sa pag-ukol ng panahon sa pamilya. Maaaring mahal naman natin ang bawat myembro ng pamilya, subalit may mga panahon na nararamdaman natin na parang hindi na tayo mahal.

Ano ang maaari mong gawin ngayon para maipakita ang matibay na magmamahal mo sa iyong asawa o magulang at iba pang myembro ng iyong pamilya?

---



---



---

Sa buong linggong ito, ano ang pwede mong gawin kasama ang iyong mga anak o pamilya upang maramdaman nila ang iyong pagmamahal?

---



---



---

## PAGSASALIKSIK


Ang pag-ibig ang sentro ng Cristianong pamilya. Sa 1 Corinto 13:4-7, inihayag ni Pablo ang tunay na kahulugan ng pag-ibig. Guhitan sa iyong biblia ang katangian ng pag-ibig na mas higit na may kahulugan sa iyo. At hilingin sa Dios na punuin ka ng ganitong uri ng pag-ibig para sa iyong pamilya.

## GLUMALAGONG MATATAG

**Basahin ang Filipos 1-4; Awit 37, 51 and 139**  
(1 kabanata bawat araw).

## Kabisaduhin Philippians 2:3-4

*Huwag kayong gumawa ng anumang bagay dahil sa makasariling hangarin o pagpapalalo. Sa halip, sa kapakumbabaan ng pag-iisip, ituring ninyo na ang iba ay higit na mabuti kaysa sa inyo. Huwag hanapin ng isa't isa ang ikabubuti ng kaniyang sarili lang kundi ang ikabubuti rin naman ng iba...."*



2. Ano ang ibinigay na utos ng Dios para sa **mga asawang babae**?

Efeso 5:33 \_\_\_\_\_

1 Pedro 3:1-2 \_\_\_\_\_

3. Ano ang sinasabi ng Dios sa **mga magulang** na dapat iwasan? Efeso 6:4

\_\_\_\_\_

Magbigay ng mga halimbawa na nagagawa ng mga magulang na nagtutulak sa mga anak na magalit sa kanila.. \_\_\_\_\_

Ano ang dapat nilang gawin? \_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

4. Ayon sa Deuteronomio 6:6-7, sa anong pagkakataon o lugar dapat turuan ang mga anak? \_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

Ibahagi bilang pamilya kung ano ang iyong natutunan sa iyong devotional time. Basahin ang biblia at manalanging magkakasama sa pangangailangan ng bawat isa.

5. Ano ang inuutos ng Dios para sa **mga anak** na kanilang gawin ayon sa

Efeso 6:1-2? \_\_\_\_\_

6. May mga ilang tuntunin na nagbibigay pagkakaisa sa pamilya. Ito ay para sa mga asawang lalaki, asawang babae, at mga anak. Ano ang mga ito?

Efeso 5:21 \_\_\_\_\_

Filipos 2:3-4 \_\_\_\_\_

## PAG-ISIPAN ANG IYONG PARTIKULAR NA KALAGAYAN

### Kung ang pamilya mo ay hindi mga Cristiano:

Maging handa sa mga pagtuligsa o panlalait sa iyo bilang isang mananampalataya. Noong ikaw ay nakabilang kay Cristo, maaaring may mga tradisyon ng pamilya na hindi mo na ginagawa. Alalahanin mo na kailangan mong bigyan ng kaluguran ang Dios higit sa iyong pamilya. Sapagkat sa Kanya tayo higit na magbibigay sulit. Alalahanin na ang mabuting balita ay nagbigay sa iyo ng bagong buhay at binago nito ang iyong buhay sa walang hanggan (Roma 1:16).

Magkaroon ka ng kahabagan sa mga hindi pa ligtas, na nalalaman mo na sila ay mga biktima ng kaaway at ng kanilang likas na makasalanan.

Alalahanin kung paano ka din namuhay noong bago mo tinanggap si Cristo. Ang pinakamahirap na abutin ay iyong mga tao na alam nila sa sarili nila na sila ay "mabuti" o "relihiyoso/makadios". Magpatotoo sa kanila sa pamamagitan ng ginawang pagbabago ni Cristo sa iyong buhay. Ang una nilang dapat makita ay ang iyong pakikitungo sa kanila. Mahalin mo sila at maging mapagpansensya sa kanila, manalangin na hipuin ng Dios ang kanilang mga puso. Huwag mo silang pangaralan! Hayaan mong magliwanag ang iyong buhay sa kanila upang makita nila ang iyong mabubuting gawa at bigyan nila ng papuri ang Dios. (Mateo. 5:16).

**Ang pagsasama ng walang kasal** ay maaaring isang tanggap na gawin sa mundo, subalit sa Biblia ito ay tinatawag na "pakiki-


apid". Nais ng Dios na ikaw ay gumawa ng isang pang-habang buhay na pagtatalaga sa pinili mong makasama sa buhay. Huwag mong pag-atubilihang gawin ito. Nanawagan sa iyo ang Dios na gawin mo ang pinakamainam. Gawin mo ang pagtatalaga na ito. Kung hindi ka pa kasal, hingin ang tulong ng iyong Pastor paano itatama ang sitwasyon mo sa buhay.

**Ang pagiging single ay mahirap sa panahong ito**, ito ang dahilan ng pagbaba ng pagpapahalaga sa sekswal na kalinisan. Maging matapang na labanan ang agos ng mundong ito. Iligtas ang iyong sarili para sa iyong magiging asawa sa hinaharap. Aminin ang iyong nakaraang kasalanan at hilingin ang Dios na tulungan ka na mapagtagumpayan mo ang mga tukso. Makipag date lamang sa ibang Cristiano subalit bantayan din ang sarili na kayo ay patuloy na lumalakad ayon sa kalooban ni Cristo. Ang iba ay mananatiling single sa buong buhay nila. Hindi ibig sabihin nito na may mali sa kanila. Maging masaya sa espesyal na pagkatawag ng Dios na ito.

**Tayo ay napapaligiran ng pornograpiya nang matindi kaya ito ay napakahirap iwasan.** Maging maingat sa mga bagay na iyong tinitingnan at sa mga lugar na iyong pinupuntahan. Maging alerto! Ang pornograpiya o pagtingin sa malalawang bagay ay nakaka adik! Kung ikaw ay may internet connection, maglagay ng filter para maingatan ang iyong sarili sa tukso. Humanap ng isang tao o kaibigan na magiging accountability partner mo na mapagsasabihan ng mga pinagdadaanan mo.

## Step 13

# Pagsunod kay Cristo



TAMA (T) o MALI (M)

- \_\_\_\_\_ Ang Cristiano ay maraming kailangang gawin para sa kanyang paglagong espiritual.
- \_\_\_\_\_ Ang pakikisama o fellowship sa katawan ni Cristo ay hindi naman mahalaga.
- \_\_\_\_\_ Posible na magkaroon ng palagiang pakikipag-ugnayan sa

### CONGRATULATIONS

Congratulations sa pagtatapos mo sa aralin patungkol sa “Bagong buhay kay Cristo” o “New Life In Christ”. Hinahangad namin ang iyong pagpapatuloy sa mga susunod na aralin upang mas lalo kang lumago sa iyong buhay kay Cristo. Pag-ukulan ang mga tanong na ito kaugnay sa drawing sa itaas:

Nais mo bang maging katulad ni Cristo?

Oo  Hindi

Ang aralin bang ito ay nakatulong upang maabot mo ang iyong layunin?

Oo  Hindi

Sa pagtatapos ba ng araling ito ay nakamit mo na ang iyong layunin?

Oo  Hindi

Ang pagiging tunay na alagad ni Cristo ay hindi lang nangangailangang tapusin ang mga araling katulad nito Ang Discipleship ay parang isang mahabang takbuhin, imbis na 100-meter dash lang, Ito ay pang araw-araw na paglakad, bagong pamumuhay na nakabase sa mga bagong prinsipyo o pamamaraan na kaiba sa dati mong pamumuhay.

### PANGUNAHING MGA GAWI SA PAG-AAYOS NG IYONG BUHAY

Sa mga nakaraang pag-aaral, ay gumawa Ka ng mahahalagang hakbang tungo sa pagtatatag mo ng iyong pamumuhay kasama si Cristo.



Mahalagang ayusin mo ang iyong buhay sa pamamagitan ng pagtatalaga ng panahon sa mga importanteng bagay. Ang tawag dito ay pagsasa-ayos ng iyong mga prioridad sa buhay. Hayaang ang mga drawing na ito ang iyong maging mga bagong prioridad, na pinipili ito kaysa sa mga ibang bagay na ginagawa mo pa

**Ang mga habits/gawing ito ay mahahalagang tulong para ikaw ay mas maging katulad ni Cristo. Huwag mo itong balewalain!**

Nais ni Hesus na ang Kanyang mga alagad ay magkaroon ng katangiang nakatalaga sa:

- Kanya
- ibang Mananampalataya
- Kanyang Kaharian sa mundong ito

1. Ano ang ninanais ni Cristo na magkaroon ka? Juan 17:2-3 \_\_\_\_\_  
Ang buhay na walang hanggan ay higit pa sa tiket papuntang langit. Ang buhay na walang hanggan ay ang kagalakang makilala ang nag-iisang Tunay na Dios at ang Kanyang Anak na si Hesu-Cristo..
2. Ano ang nais ni Cristo na paraan na ang mga Cristiano ay magturingan sa isa't isa? Juan 17:21-23 \_\_\_\_\_  
Bakit mahalaga ang pagkakaisa sa mga mananampalataya? \_\_\_\_\_  
Ang pag-ibig natin sa ibang mananampalataya ay magpapakita sa mundo na tayo ay mga tunay na alagad ni Cristo (Juan 13:34-35)
3. Ano ang dapat na asahan nating pakikitungo ng mundo sa atin? Juan 17:14-16 \_\_\_\_\_  
Bakit? \_\_\_\_\_  
Sa kabila ng mga pagtutuligsa, ninais ng Dios na tayo ay iwan sa mundong ito, ngunit inaasahan Niya tayong huwag sumabay sa agos ng mundong ito. Sinugo Niya tayo sa mundong ito para ipatotoo ang katotohanan sa pamamagitan ng pagpapakita paano tayo binago ng katotohanang natagpuan natin kay Cristo (Juan 17:16-18).

## CHECK UP

Ikaw ba ay gumagawa ng iyong devotional time na pinag-aralan sa Lesson 8? Oo  Hindi

Anong oras ang iyong itinalaga sa araw-araw na pakikitungo mo sa

Dios? \_\_\_\_\_

Paano mo palalaguin ang iyong pakikipag-ugnayan sa ibang mga mananampalataya?

---

---

---

---

Paano mo ipapakita sa mundo na si Cristo ay nabubuhay sa iyo?

---

---

---

---

## PAGSASALIKSIK

Basahin ang Juan 15:16. Nais ni Hesus na ikaw ay mamunga at ang bunga na ito ay nananatili. May 2 uri ng bunga. Ano ito ayon sa: Galacia 5:22-23, Mateo 28:18-20?

---

---


---

## GLUMALAGONG MATATAG

Basahin ang  
**1 Tesalonica 1-5**  
**and 2 Tesalonica 1-3**  
1 kabanata bawat araw).

## Kabisaduhin Kawikaan 3:5-6

*"Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo, at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan: Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad, at kaniyang ituturo ang iyong mga landas."*



## PAMUMUHAY SA PANANAMPALATAYA

4. Ang sabi ni Pablo, "namumuhay tayo sa pananampalataya, hindi sa mga bagay na nakikita" (2 Cor. 5:7). Ano ang pananampalataya ayon sa Hebreo 11:1?

---

---

5. Hebreo 11:6 ay nagsasabing kung walang pananampalataya, walang sinuman ang makakapagbigay I-lugod sa Dios. Ano ang 2 bagay na dapat nating paniwalaan upang tayo ay makalapit sa Dios? v. 6

- \_\_\_\_\_
- \_\_\_\_\_

6. Pag-isipan saglit ano ang ibig sabihin ng "lumakad sa pananampalataya" at pag-bulay-bulayan kung ano ang siansabi sa box sa ibaba.

*Ang pananampalataya ay hindi pagkakaroon ng bulag na pag-asa, kundi ito ay pagkakaroon ng katiyakan na ang Dios ay tapat at gagawin Niya ang lahat ng sinabi Niya. Ang magkaroon ng pananampalataya sa Dios ay nagpapakita na tayo ay hindi na umaasa sa mga bagay na mayroon tayo, kundi tayo ay nanganganlong sa mga bagay na mayroon ang Dios.*

*Ang paglakad sa pananampalataya ay pamumuhay araw-araw sa mga bagay na itinuturo ng Dios. Kaya mahalaga na mapanatili at maprotektahan ko ang aking personal na pakikipag-ugnayan sa Kanya*

7. Paano pinahayag ni Hesus ang Kanyang relasyon sa mga tagasunod Niya ayon sa Juan 15:4-5? \_\_\_\_\_

Ikinumpara ni Hesus ang sarili Niya sa puno ng ubas at tayo ay mga sanga.

8. Ano ang ibig sabihin na "manatili" kay Cristo (Juan 15:4)?

---

---

Ang pananatili sa ubas ay hindi panandalian kundi ito ay pagpapatuloy na pakikipag-ugnayan ng pagdedepende sa Kanya, inuunawang ang pinanggagalingan ng ating lakas at kapangyarihan ay Siya.

9. Bakit mahalaga na panatilihin natin ang ating relasyon kay Cristo? \_\_\_\_\_

---

---

10. Ayon sa Juan 15:10, paano tayo mananatili sa Kanyang pag-ibig \_\_\_\_\_

---

---

## PAGTATALAGA

11. Ano ang inaasahang gawin ng mga alagad ni Cristo? Luke 9:23 \_\_\_\_\_

---

---

12. Ikaw ba ay handang itakwil ang iyong sariling pagnanasa upang magkaroon ng kagalakan na masunod ang kalooban ni Cristo sa araw-araw ng buhay mo?

- ✓ Magpatuloy sa mga paraan at gawi na iyong natutunan kay Cristo
- ✓ Ipamahay ang mga bagay na natutunan mo araw-araw sa Kanyang mga Salita.
- ✓ Bantayang maigi ang iyong personal na ugnayan sa Dios mula sa nagnanais sumira nito.



## Appendix 1

Gupitin ito sa linya. Dalhin lagi ang mga card na ito at sauluhin ang mga talata.

<p>Galacia 2:20</p> <p style="text-align: right;">Step 4</p> <p>“Namatay akong kasama ni Cristo sa krus. Hindi na ako ang nabubuhay sa aking sarili, kundi si Cristo na. Ipinapamuhay ko ang buhay kong ito sa pamamagitan ng pananampalataya sa Anak ng Dios na nagmahal sa akin at nag-alay ng buhay niya para sa akin”</p>	<p>Josue 1:8</p> <p style="text-align: right;">Step 8</p> <p>“ Ang aklat na ito ng kautusan ay huwag mahi-hiwalay sa iyong bibig, kundi iyong pagbubulay-an araw at gabi, upang iyong masunod na gawin ang ayon sa lahat na nakasulat dito: sapagka't kung magkagayo'y iyong pagiginhawahin ang iyong lakad, at kung magkagayo'y magtatamo ka ng mabuting kawakasan.”</p>	<p>Kawikaan 3:5-6</p> <p style="text-align: right;">Step 13</p> <p>“Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo, at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan: Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad, at kaniyang ituturo ang iyong mga landas.”</p>
<p>1 Juan 1:9</p> <p style="text-align: right;">Step 3</p> <p>“Subalit kung ipinapahayag natin sa Diyos ang ating mga kasalanan, maaasahan nating patatawarin tayo ng Diyos sa mga ito, at lilinisin tayo sa lahat ng ating kasalanan, sapagkat siya'y tapat at matuwid.”</p>	<p>Filipos 4:6-7</p> <p style="text-align: right;">Step 7</p> <p>“Huwag kayong mabalisa patungkol sa anumang bagay. Sa halip, ipaalam ninyo ang inyong mga kahilingan sa Diyos na may pasasalamat sa pamamagitan ng panalangin at ng panalangin may paghiling. At ang kapayapaang mula sa Diyos, na higit sa anumang pang-unawa, ang siyang mag-iingat sa inyong mga puso at pag-iisip sa pamamagitan ni Cristo Jesus.”</p>	<p>Filipos 2:3-4</p> <p style="text-align: right;">Step 12</p> <p>“Huwag kayong gumawa ng anumang bagay dahil sa makasariling hangarin o pagpapalalo. Sa halip, sa kapakumbabaan ng pag-iisip, ituring ninyo na ang iba ay higit na mabuti kaysa sa inyo. Huwag hanapin ng isa't isa ang ikabubuti ng kaniyang sarili lang kundi ang ikabubuti rin naman ng iba..”</p>
<p>Juan 10:27-28</p> <p style="text-align: right;">Step 2</p> <p>“Binibigyan ko sila ng buhay na walang hanggan. Hindi sila malilipol magpakailanman. Walang sinumang makakaagaw sa kanila sa aking kamay. 29 Ibinigay sila sa akin ng aking Ama. Siya ay higit na dakila sa lahat. Walang makakaagaw sa kanila mula sa kamay ng aking Ama.”</p>	<p>2 Timoteo 3:16-17</p> <p style="text-align: right;">Step 6</p> <p>Kinasihan ng Diyos ang bawat kasulatan. Ang mga ito ay mapakikinabangan sa pagtuturo, sa pagsaway, sa pagtutuwid, sa pagsasanay sa katuwiran. Ito ay upang ang tao ng Diyos ay maging ganap, na naihandang lubos sa mga mabubuting gawa.”</p>	<p>Mateo 28:19</p> <p style="text-align: right;">Step 11</p> <p>“Humayo nga kayo. Gawin ninyong alagad ang lahat ng mga bansa, inyong bawtismuhan sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espirit...”</p>
<p>Efeso 2:8-9</p> <p style="text-align: right;">Step 1</p> <p>Ito ay sapagkat sa biyaya kayo naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, at ito ay hindi sa inyong sarili, ito ay kaloob ng Diyos. Ito ay hindi dahil sa gawa upang hindi magmalaki ang sinuman.”</p>	<p>1 Corinto 12:13</p> <p style="text-align: right;">Step 5</p> <p>“<i>Tayong lahat, Judio man o hindi, alipin o malaya ay nabautismuhan sa isang Espiritu upang maging isang katawan. At isang Espiritu rin ang tinanggap nating lahat.</i>”</p>	<p>Hebreo 10:24-25</p> <p style="text-align: right;">Step 9</p> <p>“24 Isaalang-alang natin na magpalakasan tayo ng loob sa isa't isa patungo sa pag-ibig at mga mabubuting gawa. 25 Huwag nating pabayaan ang ating pagtitipun-tipon katulad ng iba na may ganyang kaugalian. Sa halip, palakasin natin ang loob ng isa't isa, lalo na, na inyong nakikita na nalalapit na ang araw.”</p>

## Appendix 2

Gupitin sa mga linya at itklop sa gitna. Maaaring idikit sa inyong Biblia

### SINO AKO KAY CRISTO?

- Ako ay bagong nilalang. (2 Cor. 5:17)  
Ako ay anak ng Dios. (Juan 1:12; Rom. 8:14-15; Gal. 3:26; 4:6)  
Ako ay tinubos at pinatawad na sa lahat ng akong mga kasalanan. (Col. 1:14)  
Ako ay malaya na magpakailaman sa paghahatol. (Rom. 8:1)  
Ako ay pinalaya na mula sa kapangyarihan ng kasalanan. (Rom. 6:1-6)  
May karapatan na akong lumapit ng hindi nahihya sa trono ng Dios na upang makatagpo ng awa sa panahon ng pangagailangan. (Heb. 4:16)  
Ako ay matuwid sa pamamagitan ni Cristo, at lubos na pinatawad. (Rom. 5:1)  
Ako ay alipin sa katwiran. (Rom. 6:18)  
Ako ay banal. (Efe. 1:1; 1 Cor. 1:2; Phil. 1:1)  
Ako ang asin ng sanlibutan. (Matt. 5:13)  
Ako ay ilaw ng sanlibutan, tagapagdala ng katotohanan. (Mateo 5:14)  
Ako ay kaibigan ni Cristo. (Juan 15:15)  
Ako ay pinili ni Cristo upang maipakita ang Kanyang bunga. (Juan 15:16)  
Ako ay lingkod o alipin ng Dios. Rom. 6:22; Efe. 3:1; 4:1)  
Ako ay templo, tirahan ng Banal na Espirito. (1 Cor. 3:16; 6:19)  
Ako ay binili ng may halaga kaya nga, Ako ay kabilang sa Dios. Hindi ako ang panginoon ng sarili ko. Ako ay nabubuhay para kay Cristo. (1 Cor. 6:19-20; 2 Cor. 5:14-15)  
Ako ay bahagi ng katawan ni Cristo. (1 Cor. 12:27; Efe. 5:30)  
Ako ay nakipagkasundo sa Dios, Ako ay manggagawa ng pakikipagkasundo. (2 Cor. 5:18-19)  
Ako ay napako kasama ni Cristo, at hindi na ako ang nabubuhay; si Cristo na ang nabubuhay sa akin. (Gal. 2:20)  
Ako ay pinili dahil kay Cristo bago pa naitag ang mundo upang maging banal at walang kapintasan sa Kanyang harapan. (Efe. 1:4)  
Ako ay tagapagmana ng Dios, sapagkat ako ay Kanyang anak. (Gal. 4:6-7)  
Ako ay nilikha ng Dios, naipanganak na muli kay Cristo upang gawin ang Kanyang gawain. Efe. 2:10)  
Ako ay banal at matuwid. (Efe. 4:24)  
Ako ay mamamayan ng langit. (Fil. 3:20; Efe. 2:6)  
Ako ay manlalakbay dito sa mundo, kung saan ako ay naninirahan ng panandalian lang. (1 Ped. 2:11)  
Ako ay anak ng liwanag, at hindi ng kadiliman. (1 Tes. 5:5)  
Ako ay nailigtas mula sa kaharian ni Satanas at inilipat sa kaharian ni Cristo. (Col. 1:13)  
Ako ay kaaway ng diablo. (1 Ped. 5:8)  
Ako ay ipinangak sa Dios. Ang diablo ay walang karapatan na kantiin ako. (1 John 5:18)  
Si Cristo mismo ay naninirahan sa akin. (Col. 1:27)  
Ako ay pinili ng Dios, banal at Kanyang minamahal. (Col. 3:12; 1 Tes. 1:4)  
Ako ay nakatanggap ng pinakadakila at pinakamahalagang mga pangako ng Dios. (2 Ped. 1:4)  
Ako ay magiging katulad ni Cristo sa Kanyang muling pagbabalik. (1 Juan 3:1-2)  
Sa biyaya ng Dios, ako ay ako. (1 Cor. 15:10)

Hinango mula sa "Victory Over the Darkness" ni Neil T. Anderson

### PAANO AKO HIHINGI NG KAPATAWARAN SA AKING MGA KASALANAN?

"Subalit kung ipinapahayag natin sa Diyos ang ating mga kasalanan, maaasahan nating patatawarin tayo ng Diyos sa mga ito, at ilinisin tayo sa lahat ng ating kasalanan, sapagkat siya'y tapat at matuwid."

1 Juan 1:8-9

"Ako ay nagkasala." Ang tunay na pag aamin na tayo ay nagkasala ay nangangailangan ng ilang mga ba

- Maging totoo.
- Magsisi - Maging makatotohanan ang pagsisi at naisin na wag na magkasala muli o ulitin ang ganung pagkasala.
- Maging tiyak na sabihin ang lahat ng iyong pagkakasala (sabihin sa Diyos ang totoong kasalanan/pagkakasala).
- Magmadali na alamin at baguhin ang iyong pagkakasala. Kapag nalaman ko at nakita ko na ako ay nagkasala, kinakailangan ko itong maihingi ng kapatawaran dahil kung hindi ako ay makagawa pa ng higit pang mga kasalanan.
- Maging mapagpakumbaba. Humingi ng kapatawaran sa mga tao na naapektuhan/nadamay sa nagawang kasalanan.
- Patawarin ang sarili. Di ko na kinakailangan na pahirapan ang aking sarili dahil sa nagawa kong kasalanan lalo na kung ako ay nakahingi na ng kapatawaran sa Dios at sa tao. Kapag napatawad na ako ng Diyos nararapat na tanggapin natin ang kanyang kapatawaran, maniwala at magpasalamat sa Dios sa kanyang ginawa. Hindi na dapat tanggapin ang mga kasinungalingan na sasabihin sa atin ni Satanas na di dapat tayo patawarin.

## Appendix 3

Gupitin sa mga linya at itklop sa gitna. Maaaring idikit sa inyong Biblia

### “KAYA” NG TAGUMPAY

May nakapagsabi sa akin na ang tagumpay ay nagyayari sa “Kaya ko” at ang kabi-guan ay nasa “hindi ko kaya”. Ang paniwalaang magtatagumpay ka sa paglago at pagiging matatag kay Cristo ay hindi mangyayari kung naniniwala kang hindi ka magtataumpay. Kaya, bakit hindi ka pa maniwalang kaya mong mamuhay sa pananampalataya at sa Espirito, na kaya mong tumanggi sa mga tukso dito sa san-libutan, ng laman, at ng diablo, at kaya mong lumago bilang matatag na Cristiano. Ang mga sumusunod na 20 “Kaya ng Tagumpay” ay nagmula sa Salita ng Dios, na hahango sa iyo sa putik ng mga “hindi kaya” upang makaupo ka sa kalangitan kasama ni Crsto:

1. Bakit ko sasabihing hindi ko kaya, kung sinasabi ng Biblia na Kaya kong gawin ang lahat ng bagay dahil kay Cristo na nagpapalakas sa akin (Fil.4:13)?
2. Bakit ako mag-aalala tungkol sa mga pangangailangan ko, kung alam ko na tatagpuin ng Dios ang lahat ng pangangailangan ko ayon sa kasaganaan ng kayamanan sa kaluwalhatian ni Cristo (Fil. 4:19)?
3. Bakit ako matatakot kung sinabi sa Biblia na hindi nagbibigay ang Dios ng espirito ng takot, kundi kapangyarihan, pag-ibig at disiplina sa sarili (2 Tim. 1:7)?
4. Bakit ako magkukulang sa pananampalatayang mabuhay para kay Cristo, gano’ng sinabi ng Dios na binigyan Niya ako ng kakayahan base sa aking pananampalataya (Rom. 12:3)?
5. Bakit ako magiging mahina kung sinabi ng Biblia na ang Panginoon ang kal-akasan ng aking buhay at maipapakita ko ang lakas at makakagawa ako dahil kilala ko ang Dios (Awit 27:1; Dan. 11:32)?
6. Bakit hahayaan ko si Satanas na kontrolin ang buhay ko gano’ng mas dakila ang Dios na nasa akin kaysa sa kanya na nasa sanlibutan (1 Juan 4:4)?
7. Bakit ko tatanggaping talunan ako gano’ng sinabi ng Biblia na lagi akong pinapatnubayan ng Dios tungo sa tagumpay (2 Cor. 2:14)?
8. Bakit ako magkukulang sa karunungan kung si Cristo ay ang karunungan nasa akin galing sa Dios at ang Dios ay nagbibigay ng sagana sa mga humi-hingi sa Kanya nito (1 Cor. 1:30; Santiago 1:5)?
9. Bakit ako malulumbay kung may pag-asa ako pwede kong isipin lagi ang mapag-kadiling pagmamahal, kahabagan at katapatan ng Dios (Lam. 3:21-23)?
10. Bakit ako mag-aalala at sasama ang loob kung pwede kong ipagkatiwala ang lahat ng alalahanin ko kay Cristo na nagmamalasakit sa akin (1 Ped. 5:7)?
11. Bakit ako mananatiling nakagapos kung alam kong may kalayaan kung nasaan ang Espirito ng Dios (Gal. 5:1)?
12. Bakit ako makakaramdang na ako’y hinatulan na kung sinabi ng Biblia na hindi na hahatulan ang sinumang na kay Cristo Hesus na (Rom. 8:1)?
13. Bakit ko mararamdaman mag-isa lang ako gano’ng sinabi ni Hesus na kasama ko Siya lagi at hindi Niya ako iiwan o pababayaan man (Mat. 28:20; Heb. 13:5)?
14. Bakit ko iisiping ako ay sinumpa o malas kung sinabi ng Biblia na niligtas ako ni Cristo mula sa sumpa ng kautusan upang matanggap ko ang Kanyang Espirito sa pananampalataya (Gal. 3:13-14)?
15. Bakit ako hindi magiging masaya kung, katulad ni Pablo, pwede kong matutunang makuntento sa anumang bagay na nangyayari sa aking buhay (Fil. 4:11)?
16. Bakit ko mararamdamang wala akong halaga kung si Cristo ay naging makalanan dahil sa akin upang maging matuwid ako sa Dios (2 Cor. 5:21)?
17. Bakit ko mararamdamang kawawa ako sa harap ng iba gano’ng alam ko na kung ang Dios ay sumasaakin, waang sinuman ang makakapanaig sa akin (Rom. 8:31)?
18. Bakit ako mababahala kung ang Dios ang may akda ng kapayapaan at binibigyan Niya ako ng kaalaman sa pamamagitan ng Kanyang Espirito na naninirahan sa akin (1 Cor. 2:12; 14:33)?
19. Bakit ko mararamdamang ako ay bigo gano’ng ako ay higit pa sa mananagumpay sa pamamagitan ni Cristo na nagmamahal sa akin (Rom. 8:37)?
20. Bakit ko hahayaan ang mga pagsubok sa buhay na abalihin ako kung pwede akong maging matapang dahil alam kong napagtagumpayan ni Hesus ang mundo pati na ang mga pagsubok dito. John 16:33)?

Hinango mula sa “Victory Over the Darkness” by Neil Anderson, pp. 114-116.

## Appendix 4

Gupitin sa mga linya at itklop sa gitna. Maaaring idikit sa iyong Biblia

### PAGBABALIK ARAL: SIMPLENG PLANO PARA SA IYONG DEVOTIONAL TIME

1. **Ihanda ang iyong puso**
  - Suriin ang iyong sarili at pagsisihan ang mga kasalanan.
  - Hilingin sa Dios ang pang-unawa
2. **Pag-aralan ang Biblia**
  - Ano ang pinakanagustuhan mo?
  - Ano ang pangunahing ideya/paksa?
  - Ano ang mga pangunahing salita? Ano ang ibig sabihin nito?
  - Ano ang ibig sabihin nito sa iyong buhay?
3. **Manalangin sa Panginoon**
  - Kausapin Siya patungkol sa iyong napag-aralan
  - Sambahin Siya kung sino Siya at ano ang Kanyang mga gawa.
  - Magpasalamat sa Dios sa gianwa Niya sa iyo.
  - Humiling sa Dios sa pamamagitan ng iyong listahan ng kahilingan.

### 4. Umawit o makinig ng mga papuring awitin

### 5. Ipamuhay ang iyong mga natutunan

Pinag-aralan mo ang Salita ng Dios, ngayon, ipamuhay mo ang mga ito.

### 6. Magbulay-bulay at magsaulo

Mula sa mga binasa mo, pumili ng talata na iyong kakabisaduhin. Isulat ito sa pirasong papel at ito ay dalhin sa buong araw

### IHANDA ANG IYONG PUSO

- Awit 5:3 "bawat umaga dinggin mo o Panginoon ang aking tinig; sa kinaumagahan ay aayusin ko ang aking dalangin sa iyo, at magbabant"
- Awit 139:23-24 "Siyasatin mo ako, Oh Dios, at alamin mo ang aking puso; Subukin mo ako, at alamin mo ang aking mga pag-iisip: At tingnan mo kung may anomang lakad ng kasamaan sa akin, At patnubayan mo ako sa daang walang hanggan."
- Awit 51:10 "Likhaan mo ako ng isang malinis na puso, Oh Dios; At magbago ka ng isang matuwid na espiritu sa loob ko."
- Awit 119:18 "Aking tutuparin ang mga palatuntunan mo: Oh huwag mo akong pabayaang lubos."
- Hebreo 4:16 "Kaya nga, dumulog tayo sa trono ng biyaya na may malaking pagtitiwala upang tayo ay tumanggap ng habag at biyaya na makatutulong sa atin sa panahon ng pangangailangan."

### PAANO PAG ARALAN ANG BIBLIA

Magtanong ng mga bagay na makakatulong upang magbulay-bulay sa talata. Ito ang mga ilang halimbawa ng mga katanungan sa iyong pagbabasa:

1. Ano ang bagay na pumukaw ng iyong pansin sa mga talata?
2. Ano ang pangunahing ipinapakita ng mga talata?
3. Ano ang mga pangunahing salita? Ano ang iyong ibig sabihin
4. Itanong: Sino? Ano? Kailan? Saan? Bakit? Upang tulungan tayon maunawaan ang konteksto at pangunahing ideya
5. Ano ang ibig sabihin nito sa iyong buhay? Ano ang ninanais ng Dios na iyong gawin?
  - a. Mayroon bang utos na dapat sundin?
  - b. May halimbawa ba na dapat sundin?
  - c. May kasalanan bang dapat itakwil?
  - d. May mga pangako ba na maaangkin?

## Appendix 5

Gupitin sa mga linya at itklop sa gitna. Maaaring idikit sa inyong Biblia

### SIMPLENG PLANO SA PAGBABASA NG BIBLIA PARA SAI SANG TAON

Kapag nabasa mo na ang kabanata, lagyan ng "X" sa itaas ng numero ng kabanatang nakasulat. Masusundan mo ang iyong progreso sa pagbabasa sa pamamagitan nito.

	Chapters		
JUAN	1 2 3 4 5 6 7 8 9 10 11 12 13 14 15 16 17 18 19 20 21	AWIT	31 32 33 34 35 36 37 38 39 40
GAWA	1 2 3 4 5 6 7 8 9 10 11 12 13 14 15 16 17 18 19 20 21 22 23 24 25 26 27 28	GALACIA	1 2 3 4 5 6
1 JUAN	1 2 3 4 5	1 TIMOTEO	1 2 3 4 5 6
ROMA	1 2 3 4 5 6 7 8 9 10 11 12 13 14 15 16	2 TIMOTEO	1 2 3 4
SANTIAGO	1 2 3 4 5	MARCOS	1 2 3 4 5 6 7 8 9 10 11 12 13 14 15 16
FILIPOS	1 2 3 4	AWIT	41 42 43 44 45 46 47 48 49 50
1 TESALONICA	1 2 3 4 5	TITO	1 2 3
2 TESALONICA	1 2 3	FILEMON	1
AWIT	1 2 3 4 5 6 7 8 9 10	GENESIS	1 2 3 4 5 6 7 8 9 10 11 12 13 14 15 16 17 18 19 20 21 22 23 24 25 26 27 28 29 30 31 32 33 34 35 36 37 38 39 40 41 42 43 44 45 46 47 48 49 50
EFESO	1 2 3 4 5 6	AWIT	51 52 53 54 55 56 57 58 59 60
COLOSAS	1 2 3 4	1 PEDRO	1 2 3 4 5
AWIT	11 12 13 14 15 16 17 18 19 20	2 PEDRO	1 2 3
MATEO	1 2 3 4 5 6 7 8 9 10 11 12 13 14 15 16 17 18 19 20 21 22 23 24 25 26 27 28	PAHAYAG	1 2 3 4 5 6 7 8 9 10 11 12 13 14 15 16 17 18 19 20 21 22
AWIT	21 22 23 24 25 26 27 28 29 30	AWIT	61 62 63 64 65 66 67 68 69 70
1 CORINTO	1 2 3 4 5 6 7 8 9 10 11 12 13 14 15 16	LUCAS	1 2 3 4 5 6 7 8 9 10 11 12 13 14 15 16 17 18 19 20 21 22 23 24
2 CORINTO	1 2 3 4 5 6 7 8 9 10 11 12 13	HEBREO	1 2 3 4 5 6 7 8 9 10 11 12 13

## Appendix 6

Gupitin sa mga linya at itklop sa gitna. Maaaring idikit sa inyong Biblia

### PAANO MAGHANDA NG PERSONAL NA PATOTOO

Ikaw ba ay nag-iisp kung paano mo maibabahagi ang iyong pananampalataya sa iyong mga kapamilya at kaibigan? Maaaring ang pinakamainam na paraan ay ang ibahagi ang personal na karanasan mo. Ang gabay na ito ay makakatulong sa iyo para maging organisado ang iyong kaisipan, at maihanda ang iyong patotoo ng simple subalit epektibo. Isulat ito sa papel upang ito ay mapag-aralan at maisaulo sa puso. Maaaring ikaw ay maghanda ng maikling version (3 minutes) at mahabang version

Gabay sa paghahanda ng iyong personal na patotoo

#### 1. "Bago ko tanggapin si Cristo..."

Paano ka namuhay bago mo tinanggap si Cristo? Ibuod ito sa mga positibo at mga negatibong bahagi ng iyong buhay noong wala ka pa kay Cristo. Gawin mo itong interesado sa pagsabi ng ilang mga bagay patungkol sa iyong mga pangarap, damdamin, ugali, katangian, mga gawi mo, subalit siguraduhing ito ay TOTOO! Iwasan ang pagiging "exaggerated" or labis sa katotohanan.

#### 2. "Paano ko tinanggap si Cristo..."

Ano ang pangyayaring nagdala sa iyo para tanggapin si Cristo? Sino ang tumulong sa iyo para lumapit kay Cristo? Saan mo ito ginawa? Ano ang ipinanalangin mo? Ano ang naramdaman mo? Paano mo naranasan ang paghipo ng Dios sa buhay mo? Magdagdag ng mga talatang tumulong sa iyo para maunawaan mo ang mabuting balita. Kailangan makita at maunawaan ng mga tao ang iyong patotoo sa liwanag ng Salita ng Dios.

#### 3. "Pagkatapos kong tinanggap si Cristo..."

Ano na ang mga nangyari sa iyo mula nang tinanggap mo si Cristo? Sambitin ang ilang mga pagbabagong mga nakita mo na sa iyong buhay.

- Panatiliin itong simple. Gumamit ng mga pangkaraniwang salita, iwasang gumamit ng mga "relihiyosong salita". Gumamit ng mga salitang mauunawaan ng lahat. Iwasan ang mga hindi naman na kailangang idetalye (subalit idagdag ang mga detalyeng alam mong mahalagang bahagi ng ginawa sa iyo ni Cristo).
- Gawin itong pakikipag-usap na nagkwekwentuhan lang. Iwasan ang parang nangangaral. Gumamit ng akmang mga pagpapatawa upang magin relax at hindi tensyonado ang pag-uusap. Ibig sabihin gawing napakagandang usapan ang pagbabahagi ng iyong patotoo ang ginawa ni Cristo sa iyong buhay.
- Gawin itong interesado. Gumamit ng mga ilustrasyon at halimbawa na madaling maunawaan.

### ANG PLANO NG KALIGTASAN

Maraming paraan kung paano maibabahagi ang mabuting balita. Pwede nating magamit alin man doon, ngunit may mga pangunahing bagay na dapat maunawaan ang tao upang siya ay maligtas. Ang sumusunod na plano ng kaligtasan ay base sa "Ang Apat na Tuntuning Espiritual".

#### 1. Mahal ka ng Dios at may plano Siya sa buhay mo.

Juan 3:16 Mahal ka ng Dios

Juan 10:10b Ang plano ng Dios sa buhay mo

#### 2. Ang Tao ay makasalanan at nahawalay sa Dios.

Roma. 3:23 Lahat tayo ay makasalanan

Roma. 6:23 Ang bunga ng kasalanan ay espirtual na kamatayan, tayo ay nawalay sa Dios.

Efeso 2:8-9 Hindi natin mailligtas ang ating mga sarili

#### 3. Si Cristo ang tanging daan para sa ating kaligtasan. Namatay para sa atin at Siya ay nabuhay nang muli.

Roma 5:8 Cristo ay namatay sa krus imibis na tayo

Juan 14:6 Si Cristo ang tanging daan

1 Cor. 15:3-6 So Cristo ay muling nabuhay

#### 4. Kailangang tanggapin natin si Cristo bilang ating Tagapagligtas

Juan 1:12 Tanggapin si Cristo upang maging anak ng Dios

Pahayag 3:20 Si Cristo ay naghihintay na anyayahayan mo Siyan pumasok sa iyong buhay.

Roma 10:9 Sa pananampalataya, anyayahayan mo Siyang pimasok sa iyong buhay.

# Katibayan


Ang katibayang ito ay ibinibigay kay

---

Na kasiya-siyang nakumpleto ang mga aralin sa kursong

## **Bagong Buhay Kay Cristo Volume 1** **Mga Pangunahing Hakbang sa Pamumuhay Cristiano**

*Namatay akong kasama ni Cristo sa krus. Hindi na ako  
ang nabubuhay sa aking sarili, kundi si Cristo na.  
Ipinapamuhay ko ang buhay kong ito sa pamamagitan ng  
pananampalataya sa Anak ng Dios na nagmabal sa akin at  
nag-alay ng buhay niya para sa akin. Galacia 2:20*



---

Pastor o Guro

Petsa